ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# PAGTUKOY SA KAMALIAN NG PAGGAMIT NG PANDIWA SA ISINULAT NA TEKSTONG DESKRIPTIBO NG MGA PILING MAG-AARAL NG MEDYOR SA FILIPINO: ISANG PAGSUSURI

**John Lloyd S. Bolaton[1], Conie B. Cerna, MAEd[2]**

*[1]ORCID No. 0009-0007-3356-2615*
*Student Researcher, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

*[2]ORCID No. 0009-0008-1170-3234*
*Research Adviser, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19795**
**DOI No: 10.36713/epra19795**

## ABSTRAK

*Ang pananaliksik na ito ay naglalayong makagawa ng isang pagsusuri sa mga kamaliang ginamit na pandiwa sa isinulat na tekstong deskriptibo ng mga piling mag-aaral ng medyor sa Filipino sa lokal na institusyon ng Kapalong. Isang error analysis o pagsusuri ng kamalian ang ginamit na dulog sa pag-aaral na ito na kabilang sa kwalitatibong pamamaraan. Ginamit ang 51 na tekstong deskriptibo bilang korpora na siyang sinuri at binigyan ng kaukulang pagwawasto ayon sa tuntunin sa angkop na gramatika. Batay sa resulta, nauuri sa apat na kategorya sa pagsusuri ng kamalian ang isinulat ng mga mag-aaral tulad ng pagkakaltas (omission), pagdadagdag (addition), kamalian sa anyo (misformation), at kamalian sa pagsasaayos (misorder). Sa pagtatapos ng pananaliksik na ito ay nahanap ang pangunahing solusyon, paraan at mga hakbang upang mapalawak at mahasa ang kasanayan ng mag-aaral lalong-lalo na sa larangan ng pagsulat ng iba-ibang sulating pang-akademiko gayundin ang kaalaman sa angkop na gramatika na siyang mahalaga rin upang maging malinaw ang ideya sa pagpapahayag.*

**MGA SUSING SALITA:** *pagtukoy sa kamalian, pandiwa, pagsulat, tekstong deskriptibo*

## INTRODUKSYON

Sa mundo ng edukasyon, ang pag-aaral ng pagsulat ay isang napakahalagang aspekto ng pagkatuto. Ito ay mapanghamong kasanayan na kakailanganin ang malawak na pag-intindi sa paglikha ng isang makabuluhang komposisyon sa tulong ng pagsusulat lalong-lalo na kung naisaalang-alang ang tamang alituntunin sa gramatika kasabay sa mga ginamit nitong pandiwa at angkop na bokabularyo. Kung kaya sa pagsasanay ng tao sa pagsusulat ay hindi maiiwasan kung minsan magkamali sa gamit nitong mga salita dahil na rin mismo sa kakulangan ng sapat na kaalaman sa angkop na gramatika kaya ang nakikitang pagkakamali sa ginawang komposisyon ay ang kawalan ng kalinawan nito sa teksto at hindi masyadong wasto ang ginamit na pandiwa. Nagkaroon ng kalituhan at mabagal na pag-unawa sa isipan ng mga mambabasa (Lestari, 2020).

Sa bansang Indonesia partikular sa Pamantasan ng Pendidikan Ganesha, Singaraja ay nagkaroon ng isang pananaliksik kaugnay rin sa pagsusuri ng kamalian sa gramatika sa pagsulat ng tekstong deskriptibo. Natuklasan sa kanilang pag-aaral na ang sanhi ng pagkakamali ng mga estudyante ay dahil sa impluwensya ng unang wika na nakagisnan na may mahigit na 53.42 na porsyento. Samantalang, may 40.67 na porsyento naman sa may kawalang-ingat sa paggamit ng angkop na gramatika at may 5.9 na porsyento naman ang nangangailangan ng pagsasalin. Mahigit 541 na pagkakamali ang kabuoang bilang ang nakikita na halos nauuri sa limang kategorya sa pagsusuri ng kamalian – ommision o pagkakaltas, addition o pagdadagdag, misformation o ang hindi angkop na paggamit o pagpili, o ang maling pagkakaayos ng morpema ng salita at gayundin sa pagbaybay ng mga salitang ginamit (Erlangga et al.,2019).

Sa Pilipinas, sa ginawang pag-aaral nina Labicane at Oliva (2022) sa kolehiyo ng Marinduque nakitaan ang mga estudyante na nasa ikatlong antas sa kursong Social Work na may pagkakamali sa mga isinulat nilang komposisyon kaugnay sa Panitikang Pandaigdig na nauwi sa masusing pag-aaral. Napag-alaman sa huli ng kanilang pananaliksik na maraming mali sa paggamit ng bantas, seleksyon sa angkop na gamit ng pandiwa, pang-ukol, wastong paggamit ng panghalip, paggamit ng malaking titik at ang pamantayang pagsasaalang-alang ng simuno at pandiwa sa pangungusap sa kadahilanang kulang ang mga estudyante ng sapat na pokus sa kaalaman sa gramatika. Bukod pa rito ay dala na sa nakagisnan nilang gamitin ang kanilang pangunahing wika kaya hindi masyadong angkop ang gramatikang ginamit sa pagbuo ng kanilang sulatin.

Ang pag-aaral na ito ay tuwirang nauugnay sa kalidad ng edukasyon sa kasalukuyan, partikular sa larangan ng wika at panitikan. Sa kabila ng pag-usbong ng mga bagong pamamaraan sa pagtuturo ay patuloy na napapansin ang mga paulit-ulit na kamalian ng mga estudyante sa tamang paggamit ng mga salita higit lalo ang pandiwa sa kanilang mga akademikong pagsulat. Ang mga pagkakamaling ito ay maaaring may mas malalim na implikasyon, hindi lang sa

kanilang tagumpay sa akademya, kundi maging sa kanilang kakayahang makipagkomunikasyon sa lipunan. Dahil dito, napakahalaga na tukuyin ang mga sanhi ng mga pagkakamaling ito upang makagawa ng mga mas epektibong estratehiya sa pagtuturo at magbigay ng wastong gabay para maitama ang mga kahinaan sa pagsulat. Ang agwat sa pagitan ng kasalukuyang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika at ng kanilang inaasahang kakayahan ay nangangailangan ng agarang pansin upang maiangat ang antas ng kanilang literasiya at komunikasyon na magdadala ng malawakang epekto sa kanilang magiging propesyon at kontribusyon sa lipunan sa hinaharap.

Bukod sa mayroon ng nagsagawa ng saliksik kaugnay sa pag-aaral ng gramatikang Filipino na isinagawa ni Garganta (2023) na nakapokus mismo sa salitang pangnilalaman (pangngalan at panghalip) sa pamamagitan ng mga iskor ng mga respondente sa pagsusulit sa kakayahang panggramatika sa Filipino at sa pag-aaral ni Reynancia (2023) na nakatuon mismo sa mga maling pagkakagamit ng mga salitang pangnilalaman gayundin sa mga bantas at pagbaybay alinsunod sa ortograpiya sa Filipino. Samantalang ang pananaliksik ni Hidayati (2023) ay sumusuri sa mga kamalian sa aspektong gramatikal, partikular sa tamang pagbaybay at paggamit ng morpema sa isang salita subalit ito ay nakapokus sa wikang Ingles at hindi sa wikang Filipino. Sa pananaliksik namang ito ay nakapokus sa pagsuri ng mga kamalian, partikular sa paggamit ng pandiwa sa isinulat na sanaysay ng mga mag-aaral ng Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon Medyor sa Filipino na nasa unang taon sa kolehiyo. Kasabay nito, ang resulta mula sa pagsusuri na ito ay magagamit sa pagtuklas ng karaniwang pagkakamali ng mga mag-aaral sa pagsulat ng nilikhang komposisyon sa aspektong gramatika na nakapokus sa wastong gamit ng pandiwa na maaaring makadagdag ng kaalaman sa ibang estudyante sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST).

Sa pagtatapos ng saliksik na ito ay nilalayong mailathala at maipamahagi ang naging resulta at mga natuklasan ukol sa karaniwang mga kamalian ng mga estudyante sa paggamit ng pandiwa sa isinulat na sanaysay upang makatulong sa pagpapabuti sa kasanayang pagsulat na naisaalang-alang ang mga tuntuning panggramatika sa wikang Filipino. Ang pagpapalaganap ng pananaliksik ay magbibigay-daan sa mas masinsinang pag-intindi ng mga guro sa wikang Filipino, mga estudyante, mga kawani ng paaralan at mga mananaliksik sa larangan ng wika at edukasyon. Sa tulong ng pagsulat ng artikulo para sa mga akademikong dyornal at presentasyon sa mga lokal at internasyonal na kumperensya, mga seminar, workshop at iba pang plataporma ng pagtuturo at komunikasyon, magkakaroon ng pagkakataon ang mga guro na pagtuonan ng pansin ang mga estudyante sa pagtutuwid ng kanilang kamalian sa gramatika higit lalo sa wikang Filipino.

### Layunin ng Pag-aaral

Isang kwalitatibong pag-aaral ang naging tampok sa pananaliksik na ito na naglalayong makalikha ng isang pagsusuri ng korpora kaugnay sa mga pagkakamali sa paggamit ng pandiwa sa mga tekstong deskriptibong isinulat ng piling estudyante mula sa kursong Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon, medyor sa Filipino, sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Layunin din sa pagsisiyasat na tukuyin at itama ang mga nasabing kamalian para sa pagpapayaman ng kabatiran ng mga mag-aaral.

Bilang karagdagan, ninanais ng mananaliksik na maunawaan ang dahilan kung bakit nakaaapekto ang mga pagkakamaling ito sa kasanayan sa pagsulat ng mga estudyante. Ang pag-aaral ay naglalayong palalimin ang kaalaman ng mga estudyante sa wastong paggamit ng mga tuntuning panggramatika partikular na sa pagsusulat. Sa ganitong paraan, maipapakita ang kahalagahan ng maayos at angkop na paggamit ng mga salita sa pagbuo ng malinaw at makabuluhang komposisyon na madaling maunawaan ng mga mambabasa.

### Katanungan sa Pananaliksik

1. Anong mga kamalian ang nakikita sa mga isinulat na tekstong deskriptibo ng mga mag-aaral?

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Sa pag-aaral na ito, gumamit ang mananaliksik ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na nakatuon sa Pagsusuri sa Kamalian (Error Analysis). Ang kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik ay nagbibigay-diin sa mas malalim na pag-unawa sa mga isyu at konteksto sa halip na sa numerikal na datos lamang. Sa pagkakataong ito, sinusuri, tinutukoy at inilalarawan ang mga pagkakamali ng mga estudyante sa kanilang ginamit na wika partikular sa konteksto ng gramatika ng Filipino.

Ang pagsusuri sa kamalian ay isang sistema ng pag-aaral na nakatutok sa mga tiyak na pagkakamali na nagagawa ng mga mag-aaral na nagbibigay ng makabuluhang pagsusuri sa mga aspekto ng kanilang pagsulat. Sa pamamagitan ng metodolohiyang ito, nakalikom ang mananaliksik ng sapat na datos na magiging batayan sa pagsusuri at paghahambing ng mga pagkakamali ayon sa angkop na tuntunin ng gramatikang Filipino. Ang proseso ng pagbuo ng datos ay nakatuon sa pag-unawa sa mga sanhi ng mga pagkakamali na nagbibigay ng mga pananaw para sa pagpapabuti ng mga kasanayan sa pagsulat ng mga estudyante (Al-Khresheh, 2016).

Sa konteksto ng pananaliksik na ito, ang sistematikong pagsusuri sa mga tiyak na pagkakamali tulad ng tamang paggamit ng pandiwa at pagbaybay ay nagbibigay-daan sa pagkolekta ng datos na hindi lamang naglalarawan ng mga kamalian kundi nagpapakita rin ng mga sanhi nito. Lahat ng nakalap na datos ay nagsisilbing batayan para sa pagsusuri at paghahambing ayon sa tuntunin ng gramatikang Filipino na mahalaga para sa epektibong pagtuturo. Sa pag-alam sa mga sanhi ng pagkakamali, nagiging posible ang pagbuo ng lahat ng estratehiya para mapabuti ang kasanayan ng mga guro at estudyante sa pagsulat na naglalayong magdulot ng positibong pagbabago sa kanilang kakayahan sa wika at panitikan.

Ang pamamaraang ginamit sa pag-aaral na ito ay ang pagsusuri sa kamalian o error analysis na naglalayong malaman, masiyasat at maipahayag ang mga pagkakamali ng mga estudyante sa pagsulat ng tekstong deskriptibo gamit ang

wikang Filipino. Ang kanilang mga komposisyon ang nagsilbing korpora at nagsilbing batayan para sa pagsusuri, kung saan tinitingnan ang mga aspekto ng wika nang masiyasat ang mga kahirapang morpolohikal na nararanasan ng mga estudyante. Ang disenyong ito ay partikular na angkop sa pag-aaral ng wika dahil nagbibigay ito ng malalim na pag-unawa sa angkop na gamit ng mga salita at iba pang bahagi ng balarila batay sa paraan ng pagkasusulat (Cherifi, 2019).

Sa pananaliksik na ito, ang pagsusuri sa kamalian o error analysis ay nagbigay ng sistematikong pamamaraan upang siyasatin ang mga natamong pagkakamali ng mga estudyante sa pagsulat ng tekstong deskriptibo sa wikang Filipino. Nakatuon ito hindi lang sa pagtukoy ng mga pagkakamali kundi maging sa pag-unawa sa mga sanhi at epekto nito sa kanilang kasanayan sa wika. Gamit ang mga komposisyon ng mga mag-aaral bilang korpora, nagiging posible ang detalyadong pagsusuri ng morpolohiya at gramatika na mahalaga sa kanilang pagkatuto. Ang disenyong ito ay nagbibigay ng impormasyon ukol sa mga kamalian at nagbubukas ng pagkakataon para sa mga guro na makabuo ng mga estratehiya upang mapabuti ang kasanayan ng mga estudyante sa pagsulat na nag-aambag sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa larangan ng wika.

**Tungkulin ng Mananaliksik**

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang pagsusuri sa kamalian bilang pangunahing pamamaraan at ang mananaliksik mismo ang nagsilbing tagasuri ng mga instrumentong ginamit sa pananaliksik. Bukod sa pagsisiyasat, ginampanan din ang mga tungkulin bilang tagapagpanukala, tagasuri, tagasalin, taga-encode at taga-transcribe. Sa kabuoan, ang lahat ng mga ginampanang tungkulin ng mananaliksik ay naglalayong tugunan ang katanungan sa pag-aaral na ito.

Bilang tagapagpanukala, isinaalang-alang ng mananaliksik ang kahalagahan ng pagkakaroon ng sapat na pahintulot mula sa mga institusyong naging bahagi ng ipinanukalang pag-aaral. Nakapagpaalam ang mananaliksik sa Research Ethics Committee ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology sa pamamagitan ng pagsumite ng lahat ng kinakailangang dokumento upang maaproba ang pag-aaral. Ang layunin ng prosesong ito ay upang mapanatili ang etika at integridad ng pananaliksik, gayundin ang masiguro ang proteksiyon ng karapatan ng mga kabilang sa pag-aaral.

Naging tagasuri naman ang mananaliksik sa mga pagkakamali ng mga estudyante sa paggamit ng pandiwa sa kanilang binuong tekstong deskriptibo. Ang mga natuklasang kamalian ay ginamit bilang batayan para sa pagwawasto alinsunod sa Error Analysis Framework na binuo ni Corder (1974) na sumasaklaw sa mga kategoryang omisyon o pagkukulang, adisyon o pagdagdag, maling pagpili ng salita (misseleksyon) at maling pagkakaayos ng salita (misorder) sa konteksto ng morpolohiya o palabuoan. Ang tungkuling ito ay naging hamon sapagkat kinakailangang suriin nang detalyado ang bawat sulatin upang tiyakang matukoy at mauri ang mga uri at kategorya ng mga pagkakamali ng mga estudyante.

Maliban pa, trabaho rin ng mananaliksik ang taga-encode ng mga datos mula sa mga natukoy na kamalian ng mga mag-aaral. Maingat na iniulat ang mga datos na nakalap mula sa korpus ng pananaliksik na siniguradong wasto ang pagkakarekord upang maayos na maitama ang mga kamalian sa paggamit ng pandiwa batay sa tamang gamit at estruktura sa pangungusap. Mahalaga para sa mga estudyante na malaman at maintindihan ang kanilang mga pagkakamali upang mapalawak ang kanilang karunungan sa wika. Matapos matukoy at malikom ang lahat ng pandiwang ginamit na may kamalian, sistematikong inayos ng mananaliksik ang mga datos sa tulong ng pasalintronikong proseso.

Bilang tagapagtala, maingat na itinala ng mananaliksik ang bawat pangungusap na naglalaman ng pandiwang ginamit ng mga estudyante sa pagsulat ng tekstong deskriptibo. Matapos maitala, tiniyak ng mananaliksik na angkop at wasto ang pamamaraan at pagsusuring ginamit sa pagtukoy kung saang kategorya mula sa Error Analysis Framework ni Corder (1974) nabibilang ang mga natukoy na kamalian. Mabusising sinuri ang mga maling paggamit ng pandiwa upang masiguro ang tamang gamit at pagkaaayos nito sa loob ng pangungusap. Sa proseso ng pagsusuri ng datos, malinaw na natukoy ang mga tema ng resulta sa tulong ng gabay mula sa tagapayo ng mananaliksik na nagbigay-daan sa mas maayos at sistematikong pagpapalakas ng pag-aaral.

Bilang tagapag-transcribe, ang pangunahing responsibilidad ng mananaliksik ay ang maayos na maitala ang mga pangungusap o bahagi ng sulatin ng mga partisipante sa pag-aaral na nagpapakita ng pagkakamali sa paggamit ng pandiwa. Layunin ng transkripsyon na mapanatili ang orihinal na nilalaman ng sulatin ngunit may pagsasaayos sa mga maling gamit ng pandiwa nang walang anumang karagdagang, bawas, o pagbabago sa kahulugan ng teksto. Sa proseso ng transkripsyon, mahalaga na tiyakin na ang bawat pagbabago ay may layuning mapabuti ang pagkakaunawaan ng teksto at maiangkop ang paggamit ng pandiwa sa pangkalahatan.

Bilang tagapagsalin, mahalagang tungkulin ng mananaliksik ang maingat na pagsasalin ng mga pahayag mula sa mga hanguan, lalo na kung ang mga ito ay nasa wikang Ingles, upang magamit bilang mahahalagang sanggunian sa pag-aaral. Ang maingat na proseso ng pagsasalin ay nagpapakita ng papel ng wika sa masusing pagsusuri. Tagumpay na naabot ng mananaliksik ang mga layunin ng pag-aaral na nauugnay sa pagsusuri at pagpapalawak ng kaalaman sa kanyang larangan.

Bukod dito, responsibilidad din ng mananaliksik na pangalagaan ang datos na nakalap mula sa mga nilikhang katha ng mga estudyante. Bahagi ng tungkulin niya ang maingat na pagtatala ng mga tugon at pagsigurong ang bawat datos ay tumutugon sa mga katanungang isinulong sa pag-aaral. Ang pagiging tumpak at maayos sa pagtatala ng lahat ng datos ay sumasalamin sa bisa at kredibilidad ng isinagawang pananaliksik.

**Mga Kagamitan sa Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay nakapokus sa pagsusuri sa kamalian ng teksto o materyal sa pag-aaral ng wika sa usaping paggamit ng pandiwa na nakaangkla sa tekstong deskriptibo. Ito ay nakasalalay sa masusing pagsusuri ng mananaliksik sa mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

napiling sanggunian na gagamitin sa pag-aaral na ito. Gumamit ng kwalitatibong disenyo ng pag-aaral at nangongolekta ng datos sa pamamagitan ng korpora, ang bilang ng mga materyales sa pananaliksik na kinakailangan upang makamit ang data saturation ay humigit-kumulang 50+1 na sanaysay (Guetterman, 2015).

Nilinaw rin nito nina Clarke at Braun (2013) na ang paggamit ng 51 na sanaysay ay malaking bilang na ng datos sapagkat ang matibay na hanay ng mga materyales ay nasa 10 hanggang 100. Kung kaya, sapat na ang 51 na sanaysay sa kabuoang dami ng korpora sa pananaliksik. Malaking bilang na ito para magkaroon ng masusing pagsusuri at mas maraming perspektiba ukol sa isang tiyak na paksa. Sa pagbanggit din ng matibay na hanay ng mga materyales na nasa 10 hanggang 100 ay naglalaman ng gabay kung gaano karaming sanaysay ang maaaring maging sapat at angkop para sa isang pag-aaral. Ito ay nagpapahiwatig ng pag-iwas sa sobrang dami o kakulangan ng datos na maaaring makaapekto sa kredibilidad ng pagsasaliksik.

Ang korpora na ayon kina Yanfi et al., (2023) ay isang istrakturadong koleksiyon ng teksto o datos ng pagsasalita na pinili at inipon para sa pagsusuri sa linggwistika na maaaring kinabibilangan ng iba-ibang mga teksto o mga pinasalitang sanggunian, tulad ng mga libro, peryodiko, transcribed conversations, o online na nilalaman. Kaya naman sa pananaliksik na ito, naging korpora sa pananaliksik ang limampu at isa (51) na isinulat mismo ng mga piling estudyante na magmumula sa unang antas ng kolehiyo sa medyor sa Filipino. Kinuha ang kanilang akda na nakitaan ng pagkakamali sa ginamit na pandiwa.

Ginamit sa pag-aaral na ito ang mga nalikom na sulatin na naglalaman ng mga kamalian, kung saan itinampok ang mga pangungusap o talata na may pagkakamali sa paggamit ng pandiwa sa isinagawang tekstong deskriptibo. Ang pagsusuri ng kamalian sa paggamit ng pandiwa ay nakabatay sa apat na kategorya na ipinakilala ni Corder (1974), na kinabibilangan ng: a) omisyon o pagkakaltas, b) adisyon o pagdadagdag, c) misseleksyon o hindi wastong paggamit at pagpili, at d) misorder o ang hindi wastong pagkakaayos ng morpema ng salita.

Ang mga kagamitan para sa pananaliksik ay maingat na iniimbak sa isang protektadong file na ginamit sa proseso ng transkripsyon. Lahat ng mga sulatin ng mga partisipante ay binigyan ng mga ngalang-sagisag o code names, tulad ng FMS1, FMS2, FMS3, FMS4, FMS5…FMS51, upang mapanatili ang kanilang pagiging kumpidensyal. Ang mga korpus ng pag-aaral ay dumaan sa proseso ng transkripsyon upang matupad ang layunin ng pagsusuri sa mga kamaliang nagawa sa paggamit ng pandiwa sa mga isinulat na tekstong deskriptibo ng mga estudyante.

**Pagkukunan ng Datos**

Ang korpora, sa konteksto ng linggwistika ay naglalarawan ng mga salaysayin o na-transcribe na mga pahayag na siyang tampok sa pagsusuri at paglalarawan ng wika. Isang pangunahing mapagkukunan ito ng impormasyon na nag-aalok ng masusing pag-intindi sa estruktura at gamit ng wika. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga teksto sa korpora, maaaring masusing masiyasat ang iba-ibang aspekto ng wika, tulad ng gramatika, leksikon, at estilo. Ang korpora ay nagsisilbing daan sa mga linggwista na masusing pagtuon sa totoong paggamit ng wika sa iba-ibang larangan tulad ng akademya, industriya, midya, at sa araw-araw na pakikipagtalastasan (Park at Nam, 2017).

Lahat ng mga datos para sa pag-aaral na ito ay kinolekta mula sa limampu at isang (51) sulatin sa Filipino na isinagawa ng mga estudyante. Lahat ng mga ito ay naglalaman ng kamalian sa paggamit ng pandiwa sa mga tekstong deskriptibo batay sa mga kategorya ni Corder (1974): omisyon, adisyon, misseleksyon at misorder. Binigyan ng mananaliksik ang mga piling mag-aaral ng medyor sa Filipino ng paksa na 'Buhay ng Estudyante sa Kolehiyo,' at malaya nilang ginawan ng pamagat at istilo ng pagsusulat. Ang mga partisipante ay binigyan ng sapat na oras para tapusin ang kanilang mga komposisyon ayon sa mga alituntunin ng mananaliksik.

Matapos maisagawa ng mananaliksik ang pag-aaral sa mga estudyante, sistematikong tinipon ang lahat ng komposisyong ginamit bilang batayan sa pagsusuri ng mga kamalian. Ang maayos na proseso ng pangongolekta ay nagbigay-daan upang makuha ang mga resulta at maisakatuparan ang layunin ng pag-aaral. Ang mga isinumiteng komposisyon ay nagbigay ng mahalagang impormasyon sa mananaliksik ukol sa mga problemang nararanasan ng lahat ng estudyante, partikular sa mga pagkakamali sa paggamit ng pandiwa. Bunga nito, nakuha ng mananaliksik ang mga ideya kung paano matutugunan ang mga nasabing problema at mapahusay ang kasanayan ng mga estudyante sa pagsusulat.

Maliban pa rito, ang sekondaryang mapagkukunan ng mga datos para sa pananaliksik ay kinabibilangan ng iba-ibang artikulo, dyornal, libro at kaugnay na pananaliksik. Ang lahat ng ito ay nakatulong upang mas malalim na maipaliwanag ang mga uri ng pagkakamali ng mga estudyante at ang mga maaaring rason kung bakit nagkakaroon ng ganitong mga pagkakamali.

**Pag-aanalisa sa Datos**

Sa proseso ng pagkatuto ng pangalawang wika, ang pagsusuri sa mga kamalian ay may malaking papel. Bagamat hindi maiiwasan, ang mga pagkakamali ay itinuturing na isang mahalagang bahagi ng pag-unawa at pag-unlad sa wika. Sa pagsusuri ng mga kamalian, tumutukoy ito sa mga maling gamit ng mga salita na karaniwan ay nagagawa ng mga hindi katutubong tagapagsalita, sa parehong pagsulat o pagsasalita. Madalas, ang mga kamaliang ito ay nagmumula sa kakulangan sa kaalaman o hindi tamang pag-unawa sa mga tuntunin ng target na wika (Khansir, 2012).

Bago isagawa ang pagsusuri sa mga korpus ng pag-aaral, tinitiyak ng mananaliksik na maiwasan ang anumang bias upang mapanatili ang pagiging balanse sa pagitan ng obhektibo at sabhektibong pananaw. Sa pananaliksik na ito, sinunod ang mga hakbang sa pagsusuri ng kamalian na iminungkahi ni Corder (1974), tulad ng tinalakay sa pag-aaral ni Ellis (1994).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Nagsimula sa unang proseso ang pagkolekta ng mga sampol ng sulatin na gumamit ng wikang susuriin. Ang mga korpus ng pag-aaral ay binubuo ng 51 o limampu at isang komposisyon na isinulat ng mga estudyante sa wikang Filipino na naging batayan sa pagsusuri upang matukoy ang mga kamalian nito.

Pangalawa, isinagawa ang pag-alam sa mga kamaliang matutukoy sa mga isinagawang sulatin. Dahil dito, maingat na binasa ng mananaliksik ang bawat komposisyon ng mga estudyante para magalugad ang mga pagkakamali nito sa paggamit ng pandiwa. Matapos matukoy, maingat itong itinala nang matamo ang mga impormasyon na kinakailangan sa pag-aaral.

Sa ikatlong hakbang, inilarawan ang lahat ng kamaliang natamo. Ang mga pagkakamali sa komposisyon ng mga estudyante ay ikinategorya batay sa Error Analysis Framework ni Corder (1974): (1) omisyon o pagkakaltas; (2) adisyon o pagdagdag; (3) mispormasyon, misseleksyon o maling pagbubuo at maling pagpili; at (4) misorder o maling pagkakaayos. Gamit ang framework na ito, naging madali para sa mananaliksik na ilarawan ang mga uri ng kamaliang natamo sa paggamit ng pandiwa sa tekstong deskriptibo ng mga mag-aaral.

Pang-apat, ipinaliwanag ang bawat kamalian. Ipinaliwanag batay sa mga tuntunin ng gramatika, higit lalo sa aspekto ng pandiwang ginamit at ang ayos ng mga salita sa pangungusap ang mga kamaliang nakita sa sulatin na nilikha ng mga estudyante. Mapanuri ang mananaliksik sa pagbibigay ng mga paliwanag upang maituwid ang mga pagkakamali at mabigyan ng tamang kaalaman ang lahat ng estudyante.

Panlima, isinagawa ang pagsusuri ng mga natamong kamalian. Bawat pagkakamali ay isinuri ng maayos na nagbigay-daan sa mananaliksik upang matukoy ang mga dahilan kung bakit nagkakamali ang mga estudyante at kung paano ito nakaaapekto sa kanilang pagpapahayag ng mga ideya sa pagsulat. Nang magampanan ang prosesong ito ng pagsusuri ay humingi rin ng tulong ang mananaliksik sa kanyang tagapayo sa pag-aayos at pagsusuri ng mga datos tungkol sa kamalian sa paggamit ng pandiwa.

Huling ginawa ng mananaliksik ang pagbuo ng konklusyon at beripikasyon. Mahalaga sa isang pag-aaral na muling suriin at masusing pag-aralan ang mga nakalap na datos upang matiyak ang malakas na kredibilidad at tiyak na resulta sa mga konklusyon ng pag-aaral.

## RESULTA

***Katanungan ng Pananaliksik: Anong mga kamaliang nakikita sa mga isinulat na tekstong deskriptibo ng mga mag-aaral?***

Sa Talahanayan 1.1, makikita sa unang hanay batay sa isinagawang pagsusuri, lumabas na may pitong kamalian ang natukoy ng mananaliksik sa ginawang sanaysay ng mga mag-aaral. Ang unang kamalian sa gramatika ay ang omission o pagkakaltas.

### Pagkakaltas

Ang pagkalaltas ay ang pagkawala ng isang aytem o elemento na kinakailangan nakapaloob sa isang salita o pangungusap upang maging buo ang gramatika nito. May iilang morpema o salita na nakaliligtaan ng mga estudyante sa pagpaparating ng kanilang mensahe sa pangungusap. Ang mga gramatikal na morpemang ito ay malaking pagkukulang sa kabuoan ng mensahe ng salita sa pangungusap. Nakatuon dito ang paggamit ng pandiwa na may kakulangan sa morpemang dapat ay mapabibilang.

Makikita sa ikalawang hanay ng talahanayan ang korpus o ang mga kamalian ng pandiwa sa pangungusap na nakitaan sa kategoryang omisyon o pagkakaltas. Ang mga kamaliang ito ay itinama sa ikatlong hanay, samantalang sa ikaapat na hanay ay ang pagsusuring nakita sa korpus na natamo ng mag-aaral. Makikita naman sa bahaging ito ang pagpapalawig ng bawat kamalian ayon sa aspekto ng pandiwang ginamit sa pangungusap gayundin ang angkop na pagbaybay ng mga salita sa wikang Filipino.

**Talahanayan 1.1**
**Pagkakaltas**

| Uri ng Kamalian | Kamalian ng Pandiwa sa Pangungusap | Pagwawasto ng Pandiwa sa Pangungusap | Analisis |
|---|---|---|---|
| | Pagkatapos ay **gawin** ko ang lahat ng gawaing bahay tulad ng **pagluto**, **pagwalis** sa sahig at **paglinis** o **paghugas** ng mga pinggan.<br>Sunod ay maliligo, kumain at **magsipilyo**. **FMS-1** | Pagkatapos ay **gagawin** ko ang lahat ng gawaing bahay tulad ng **pagluluto**, **pagwawalis** sa sahig at **paglilinis** o **paghuhugas** ng mga pinggan.<br>Sunod ay maliligo, kakain, at **magsisipilyo**. | Sa halimbawang ito ng korpus, ang mag-aaral ay nagkaroon ng kamalian dahil sa pagkawala ng ilang morpema sa isang salita gaya na lamang ng salitang “gawin” na dapat ay gagawin na nakaltasan ng pantig na /-ga-/ sapagkat ang kilos ay gagawin pa lamang kung kaya’t lahat ng binigyang-turing nito na pandiwa ay nasa anyong aspektong imperpektibo. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Pagkakaltas** | May mga pagsubok talaga akong **naranasan** tulad na lamang ng pagkokomyut sapagkat sobrang magastos talaga sa pamasahe.<br>Nahihirapan din ako sa mga asignatura at gawain na **binibigay** ng isang guro minsan nga rin ay umaabot na sa puntong iiyakan ko na lamang at pagpapalipasan muna ng oras. **FMS-10** | May mga pagsubok talaga akong **nararanasan** tulad na lamang ng pagkokomyut sapagkat sobrang magastos talaga sa pamasahe.<br>Nahihirapan din ako sa mga asignatura at gawain na **ibinibigay** ng isang guro minsan nga rin ay umaabot na sa puntong iiyakan ko na lamang at pagpapalipasan muna ng oras. | Sa pangungusap, mali ang salitang "naranasan" dahil dapat ay "nararanasan" upang ipakita ang patuloy na karanasan ng estudyante sa kolehiyo. Ang tamang anyo ay nagpapahayag ng patuloy na aksyon, tulad ng pagharap sa mga araw-araw na pagsubok. Sa pangalawang pangungusap, ang salitang "binibigay" ay mali rin; dapat ay "ibinibigay" dahil ang guro ang nagbibigay ng gawain, hindi ang mag-aaral. Ang "ibinibigay" ay tamang anyo ng pandiwa na nagpapakita ng aksyon na ginagawa ng guro at tinatanggap ng mag-aaral. |
| | Naninibago ako sa buhay na ito dahil palagi lang akong nasa bukid at hindi ako madalas na **pumunta** sa mga syudad at lungsod. **FMS-12** | Naninibago ako sa buhay na ito dahil palagi lang akong nasa bukid at hindi ako madalas na **pumupunta** sa mga syudad at lungsod. | Ang salitang "pumunta" sa pangungusap ay nagpapahiwatig ng tapos na o nakaraang kilos. Subalit, ang konteksto ng pangungusap ay nangangailangan ng salitang tumutukoy sa kasalukuyang sitwasyon, kaya't ang tamang gamitin ay "pumupunta." Ang "pumupunta" ay angkop dito dahil nagsasaad ito ng regular o kasalukuyang pagpunta, tulad ng pagkakasaad na hindi madalas ang pagpunta sa iba- ibang lugar at palaging nananatili sa bukirin. |
| | Habang nagsasaing ay **nilabhan** ko ang iilan sa mga damit na naisuot ko upang hindi na masyadong mabigatan si mama sa paglalaba. **FMS-22** | Habang nagsasaing ay **nilalabhan** ko naman ang iilan sa mga damit na naisuot ko upang hindi na masyadong mabigatan si mama sa paglalaba. | Malinaw sa pangungusap na ito na may pagkakamali sa ginamit na pandiwa ayon sa aspekto nito na kung saan ang salitang “nilabhan” ay nagsasaad na tapos ng ginawa ang kilos sa halip na “nilalabhan” na nagsasaad na kasalukuyan pa nitong ginagawa ang kilos. Kung susuriin nito ang konteksto ng pangungusap ay nagsasaad na habang nagsasaing ay kasalukuyan nitong ginagawa ang kilos ng paglalaba kung kaya’t marapat lamang na gamitin ang salitang nilalabhan sa halip na nilabhan. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Ala singko ng umaga ko naman ginigising ang dalawa kong kapatid na lalaki upang sila ay **makaghand** narin sa pagpasok sa eskwelahan. **FMS-36** | Ala singko ng umaga ko naman ginigising ang dalawa kong kapatid na lalaki upang sila ay **makapaghanda** narin sa pagpasok sa eskwelahan. | Ang kamaliang nakita rito ay ang maling pagkakagamit ng salita na kailanma'y wala sa diksyunaryong Filipino. Nakitaan din na may pagkakaltas ng morpema sa salitang makapaghanda kaya ito naging "makaghand", nawalan ng panlaping /-pag-/ at patinig na /-a/ sa hulihan ng salita. |
| | Pagkatapos kung maihatid ang aking pamangkin ay agad akong pupunta sa may tabi ng kalsada upang **mag-intay** ng bus na syang aking sasakyan patungo sa eskwelahan. **FMS-46** | Pagkatapos kung maihatid ang aking pamangkin ay agad akong pumunta sa may tabi ng kalsada upang **maghintay** ng bus na siyang aking sasakyan patungo sa eskwelahan. | Nakitaan sa pangungusap na ito na may pagkukulang na letrang /h/ sa salitang ginamit. Walang salitang mag-intay sa Filipino diksyunaryo at tanging tanggap lamang ay ang salitang maghintay. Ang salitang-ugat nito ay hintay at hindi intay na nilapatan ng unlaping /mag-/ upang ang salita ay magiging "maghintay." |
| | Ang aking buhay sa pang-araw-araw ay gigising sa umaga magluluto ng ulam sa aking mga kapatid at **maglinis** sa bahay. **FMS-50** | Ang aking buhay sa pang-araw-araw ay gigising sa umaga, magluluto ng ulam sa aking mga kapatid at **maglilinis** ng bahay. | Ang salitang "maglinis" ay nagpapahayag ng aktuwal na kilos sa kasalukuyan o hinaharap. Sa konteksto ng pangungusap, tinutukoy ang mga planong gawin tuwing gigising ng maaga, kaya't angkop na gamitin ang "maglilinis," na nagpapakita ng layunin o plano sa hinaharap. |

Sa Talahanayang 1.2 ay makikita sa unang hanay batay sa isinagawang pagsusuri, lumabas na may lima na kamaliang natukoy ang mananaliksik sa mga sanaysay na nilikha ng mga mag-aaral. Ang ikalawang kamalian sa gramatika ay ang addition o pagdadagdag.

**Pagdadagdag**

Ang pagdadagdag na kamalian ay kabaliktaran naman ng pagkakaltas o omisyon. Ito ay inilalarawan na ang presensya ng isang aytem na hindi kinakailangan sa pangungusap ay nagreresulta sa kalabisan nito. May iilang morpema ang naidagdag sa mga salita sa loob ng pangungusap. Nakatuon dito ang paggamit ng pandiwa na may kalabisan sa morpemang ginamit. Makikita sa ikalawang hanay ng talahanayan ang korpus o ang mga kamalian ng pandiwa sa pangungusap na nakitaan sa kategoryang adisyon o pagdadagdag. Ang mga kamaliang ito ay itinama sa ikatlong hanay, samantalang sa ikaapat na hanay ay ang pagsusuring nakita sa korpus na natamo ng mag-aaral. Makikita naman sa bahaging ito ang pagpapalawig ng bawat kamalian ayon sa aspekto ng pandiwang ginamit sa pangungusap gayundin ang angkop na pagbaybay ng mga salita sa wikang Filipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1.2**
**Pagdadagdag**

| Uri ng Kamalian | Kamalian ng Pandiwa sa Pangungusap | Pagwawasto ng Pandiwa sa Pangungusap | Analisis |
|---|---|---|---|
| Pagkakaltas | Araw-araw akong pumapasok sa klasi at pagkatapos at **magtratrabaho** nanaman upang may ma-itustos ako sa aking pang-araw-araw na pangangailangan. **FMS-18** | Araw-araw akong pumapasok sa klase at pagkatapos ay **magtatrabaho** na naman upang may maitustos ako sa aking pang-araw-araw na pangangailangan. | Ang salitang "magtratrabaho" ay isang pandiwa na tumutukoy sa kilos na magaganap pa lamang. Bagaman tama ang konteksto, mali ito ayon sa Ortograpiyang Pambansa ng Komisyon sa Wikang Filipino. Kapag nagsisimula ang salita sa kambal-katinig (consonant cluster), inuulit lamang ang unang katinig at patinig. Dahil ang salitang-ugat ay "trabaho" (na may kambal-katinig na /tr/), ang tamang anyo ay "magtatrabaho," inuulit ang /t/ at /a/. |
| | Siya ang **mag-sasaing** habang ako naman ay magluluto ng ulam. **FMS-21** | Siya ang **magsasaing** habang ako naman ay magluluto ng ulam. | Sa korpus na ito ay mali ang paggamit ng gitling sa pagitan ng panlaping "mag-" at salitang "sasaing" sa pangungusap. Ayon sa tuntunin, ginagamit lamang ang gitling kapag inuulit ang salita (e.g., "araw-araw"), inuulit ang unang dalawang pantig ng mahigit dalawang pantig na salita (e.g., "pali-palito"), o paghiwalayin ang pantig na nagtatapos sa katinig at nagsisimula sa patinig (e.g., "pag-asa"). Samakatuwid, ang tamang anyo ay "magsasaing" na walang gitling. |
| | Bilang isang estudyante araw-araw kung ginagawa ang aking mga kailangang gawin para sa pagpasok sa skwelahan tulad nalang pagligo sa madaling araw, pagsasaayos ng aking mga gamit mga kailaning kagamitan sa pag-aaral, di langyan kailangan kuring **mag bayahe** para maka punta sa paaralan. **FMS-27** | Bilang isang estudyante araw-araw kong ginagawa ang aking mga kailangang gawin bago papasok sa eskwelahan tulad na lang ng pagliligo ng madaling araw, pagsasaayos ng aking mga gamit na kailanganing kagamitan sa pag-aaral, ‘di lang ‘yan kailangan ko ring **magbiyahe** para makapunta sa paaralan. | Nagkaroon ng pagkakamali sa morpema ng salitang ginamit sa pangungusap, na nagdudulot ng maling pagbaybay. Bagaman tama ang konteksto, may kaunting kamalian ito. Walang salitang-ugat na bayahe na inunlapian ng /mag-/ sa Filipino diksyunaryo, ang tamang anyo ay "magbiyahe," na nangangahulugang paglalakbay. Bilang pandiwa, nagpapahayag ito ng kilos o aksyon na may kaugnayan sa paglalakbay. Kaya, ang tamang gamitin ay "magbiyahe" dahil ito ang wastong salita sa Filipino. |
| | Ganun din sa mga araw ng martes at miyerkules ang palagi kong ginagawa, pero sa araw | Ganun din sa mga araw ng martes at miyerkules ang palagi kong ginagawa, pero sa araw | Ang salitang "umuwi" na ginamit sa pangungusap ay hindi angkop dahil ito ay pangkasalukuyan at tumutukoy |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| | ng martes ay nagbabaon lang ako ng pananghalian para di na ako **umuwi** kasi hanggang alas 4:00 ang klase namin. **FMS-30** | ng martes ay nagbabaon lang ako ng pananghalian para 'di na ako **uuwi** kasi hanggang alas 4:00 ang klase namin. | sa kilos na kasalukuyang ginagawa. Sa halip, ang tamang anyo na dapat gamitin ay "uuwi," na nagpapahayag na ang kilos ay gagawin pa lamang sa hinaharap. Kaya, upang malinaw na maipahayag ang nais iparating, mas angkop na gamitin ang "uuwi." |
| | Nang ako'y makapaghanda at nakapagbihis na ay agad na akong **umaalis** ng bahay upang maghintay ng aking masasakyan patungo sa paaralan.<br>Pagkatapos ng aming tanghalian ay agad kaming **bumabalik** sa aming silid-aralan upang ipagpatuloy pa ang aming klase. **FMS-46** | Nang ako'y nakapaghanda at nakapagbihis na ay agad na akong **umalis** ng bahay upang maghintay ng aking masasakyan patungo sa paaralan.<br><br>Pagkatapos ng aming tanghalian ay agad kaming **bumalik** sa aming silid-aralan upang ipagpatuloy pa ang aming klase. | Sa unang pangungusap, mali ang paggamit ng salitang "umaalis" na nagsasaad ng pangkasalukuyang kilos. Ang tamang gamitin ay "umalis," na nagpapakita na ang kilos ay tapos na. Ang "umaalis" ay para sa kasalukuyang aksyon, samantalang ang "umalis" ay para sa tapos na aksyon.<br>Sa pangalawang pangungusap, ang salitang "bumabalik" ay naglalarawan ng kasalukuyang kilos, kaya't hindi malinaw ang ibig iparating. Ang tamang gamitin ay "bumalik," na nagpapahayag na ang kilos ay naganap na sa nakaraan. Ang "bumabalik" ay para sa kasalukuyang aksyon. |

Sa Talahanayan 1.3 ay makikita sa unang hanay batay sa isinagawang pagsusuri, lumabas na may labinwalo na kamaliang natukoy ang mananaliksik sa ginawang sanaysay ng mga mag-aaral. Ang ikatlong kamalian sa gramatika ay ang kamalian sa anyo o ang misformation.

**Kamalian sa Anyo**

Ang kamalian sa anyo o misformation ay nakatutok sa maling pag-aayos ng mga morpema o salita sa pangungusap. Kung sa pagkakaltas o omisyon ay hindi naibigay ang mga salita ng tuwirang, sa kategorya namang ito ay naibigay ang salita ngunit hindi naman wasto ang paggamit nito sa pangungusap. Nakatuon dito ang paggamit ng pandiwa na may maling pagkakapili sa morpemang ginamit. Makikita sa ikalawang hanay ng talahanayan ang korpus o ang mga kamalian ng pandiwa sa pangungusap na nakitaan sa kategoryang mispormasyon o kamalian sa anyo. Ang mga kamaliang ito ay itinama sa ikatlong hanay, samantalang sa ikaapat na hanay ay ang pagsusuring nakita sa korpus na natamo ng mag-aaral. Makikita naman sa bahaging ito ang pagpapalawig ng bawat kamalian ayon sa aspekto ng pandiwang ginamit sa pangungusap gayundin ang angkop na pagbaybay ng mga salita sa wikang Filipino.

**Talahanayan 1.3**
**Kamalian sa Anyo**

| Uri ng Kamalian | Kamalian ng Pandiwa sa Pangungusap | Pagwawasto ng Pandiwa sa Pangungusap | Analisis |
|---|---|---|---|
| | Sa akin pong pag-aaral ay hindi po madali, kasi may mga pagsubok akong kailangan na **paglampasin**.<br>Ngunit ipinapangako ko sa kanila na ako ay **magkapagtapos** ng pag-aaral at magtamo ng magandang trabaho, upang sagayon ay ako naman ang tutulong sa | Sa akin pong pag-aaral ay hindi po madali, kasi may mga pagsubok akong kailangan na **lampasan**.<br><br>Ngunit ipinapangako ko sa kanila na ako ay **magtatapos** ng pag-aaral at magtamo ng magandang trabaho, upang sa gayon ay ako | Sa unang pangungusap, mali ang "paglampasin" dahil ito ay nangangahulugang pagbalewala. Ang tamang gamitin ay "lampasan," na tumutukoy sa pagharap sa mga pagsubok. Ang "paglampasin" ay may unlaping /pag-/ at hulaping /-in/, samantalang ang |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Kamalian sa Anyo** | kanila at upang sagayon ay magkaroon kami ng magandang kinabukasan. **FMS-1** | naman ang tutulong sa kanila at upang sa gayon ay magkaroon kami ng magandang kinabukasan. | "lampasan" ay may hulaping /-in/ lamang. Sa pangalawang pangungusap, mali ang "magkapagtapos." Ang tamang anyo ay "magtatapos," na may unlaping /mag-/ at ginagamit sa aspektong kontemplatibo. Ang "magkapagtapos" ay hindi wasto sa tuntunin ng panlapi. |
| | Oo, sabihin na nating mahirap ang aking **napapagdaanan** bawat araw. **FMS-3** | Oo, sabihin na nating mahirap ang aking **napagdadaanan** bawat araw. | Sa halimbawang korpus na ito, nakitaan sa kamalian ang paggamit ng salitang "napapagdaanan" dahil sa pagbabago ng morpema. Ayon sa tuntunin ng paglalapi, hindi inuulit ang huling pantig ng salitang-ugat kapag may dalawang panlapi; ang inuulit lamang ay ang unang pantig. Ang tamang anyo ay "napagdadaanan," na nangangahulugang mga pagsubok o kahirapan na pinagdadaanan araw-araw. Ang "napagdadaanan" ay may panlaping /napag-/ at hulaping /-an/ sa salitang-ugat na "daan," at inuulit lamang ang unang pantig ng salitang-ugat. |
| | Sa tuwing pumupunta ako sa paaralan nahihirapan ako at **napepressure** dahil na siguro sa pag-iisip ng mga activities. **FMS-5** | Sa tuwing pumupunta ako sa paaralan nahihirapan ako at **nababagabag** dahil na siguro sa pag-iisip ng mga gawain. | Ang salitang "napepressure" sa pangungusap ay isang panghihiram mula sa Ingles na "pressure," kinabitan ng panlaping /na-/ at nagiging "napepressure" ayon sa tuntunin ng paglalapi, kung saan inuulit ang unang katinig at patinig. Gayunpaman, sa pormal na pagsusulat sa Filipino, iniiwasan ang paggamit ng mga banyagang salita. Bagaman kapaki-pakinabang ito sa pakikipagkomunikasyon, sa pormal na pagsulat, mas mainam na gamitin ang salitang "nababagabag" bilang |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | katanggap-tanggap na salin sa Filipino. |
| | Sa mga pagsubok at paghihirap na ating naranasan bilang isang mag-aaral ay isa lang din palang daan upang tayo ay makaahon at magmulat sa totoong mundo na kung hindi ka magsisikap ay hindi ka rin **makakapunta** sa iyong destinasyon. **FMS-10** | Sa mga pagsubok at paghihirap na ating nararanasan bilang isang mag-aaral ay isa lang din pa lang daan upang tayo ay makaahon at mamulat sa totoong mundo na kung hindi ka magsisikap ay hindi ka rin **makapupunta** sa iyong destinasyon. | Ang salitang "makakapunta" ay gumagamit ng panlaping /makaka-/ na walang wastong anyo, kaya't nagkaroon ng pagkakamali. Ang tamang anyo ay "makapupunta," na gumagamit ng panlaping /maka-/ at inuulit ang unang pantig ng salitang-ugat na "punta." |
| | Maghihintay ng tatlong oras sa klase upang **makauwe** at makapag-tanghalian na at babalik ulit ng alas dose y medya ng tanghali para sa susunod na klase maghihintay ulit ng isang oras para makauwi at makapagpahinga. **FMS-13** | Maghihintay ng tatlong oras sa klase upang **makauwi** at makapagtanghalian na at babalik ulit ng alas-dose y medya ng tanghali para sa susunod na klase, maghihintay ulit ng isang oras para makauwi at makapagpahinga. | Ang salitang "makauwe" sa pangungusap ay tama sa konteksto ngunit mali ang baybay. Sa Filipino diksyunaryo, ang tamang anyo ay "makauwi" na nagtatapos sa patinig na /i/. Kaya, ang wastong gamitin ay "makauwi." |
| | **Nakakatawa** man isipin pero ako ay hindi sanay sa mga gantong gawain. **FMS-19** | **Nakatatawa** man isipin pero ako ay hindi sanay sa mga ganitong gawain. | Ang salitang "nakatatawa" sa pangungusap ay malinaw sa konteksto ngunit mali ang estruktura. Ayon sa tuntunin ng pag-uulit ng unang pantig ng salitang-ugat, ang wastong panlapi na gagamitin ay /naka-/ hindi /nakaka-/ para sa salitang-ugat na "tawa." Kaya, ang tamang anyo ay "nakatatawa." |
| | Matapos kong gawin ang lahat ng iyan ay **naliligo** na ako at magbibihis. **FMS-20** | Matapos kong gawin ang lahat ng iyan ay **maliligo** na ako at magbibihis. | Ang konteksto ng pangungusap ay nagsasaad na ang pagliligo at pagbibihis ay gagawin pa lamang sa hinaharap. Kaya, ang salitang ginamit ay hindi angkop dahil ito ay tumutukoy sa kilos na kasalukuyang ginagawa o regular na nangyayari. Ang tamang gamitin ay "maliligo," na isang pandiwa na nagpapahayag ng kilos na mangyayari sa hinaharap at tumutukoy sa konteksto ng pangungusap. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Araw-araw ay halos **kumain** na kami ng alikabok sa kalsada. **FMS-23** | Araw-araw ay halos **nakakain** na namin ang alikabok sa kalsada. | Ang pangungusap ay may kamalian sa gramatika. Ang salitang "kumain" ay hindi angkop dahil ito ay tumutukoy sa aktibidad na literal na pagkain. Mas angkop gamitin ang pandiwang "nakakain" upang ipahiwatig na ang alikabok ay nasasama sa pagkain ng mga taong nagsasalita, hindi sa literal na kahulugan. Ang "nakakain" ay nagpapahayag na ang alikabok ay naging bahagi ng kanilang araw-araw na karanasan. Kung kaya't mas tama na sabihin na araw-araw ay halos nakakain nila ang alikabok sa kalsada. |
| | Ang buhay ko ay minsan nakakawalang gana dahil minsan pagdating mo sa bahay ay tila ba't walang ka tao-tao may mga kapitbahay pa na wala na ngang ambag sayong buhay **nakiki chismis** pa. **FMS-24** | Ang buhay ko ay minsan nakakawalang gana dahil minsan pagdating mo sa bahay ay tila ba't walang katao-tao may mga kapitbahay pa na wala na ngang ambag sayong buhay **nakititsismis** pa. | Ang salitang ginamit sa pangungusap ay halimbawa ng digrapo, tulad ng "CH" sa salitang "chismis," na binibigkas na may isang tunog. Ayon sa Ortograpiyang Pambansa, ang "CH" ay pinalitan ng "TS" sa Tagalog kapag nanghihiram mula sa Espanyol. Kaya ang "chismis" ay isinasalin sa "tsismis" sa Tagalog. Samakatuwid, ang salitang "nakikichismis" ay dapat baguhin sa "nakititsismis" upang umayon sa tuntunin ng Ortograpiya, kung saan ang "TS" ay inuulit ang unang katinig at patinig, kaya't ang tamang anyo ay "nakititsismis." |
| | Subalit minsan wala kaming pero o baon kaya naman kailangan kung maglakad **pamunta** sa paaralan dahil walang pangbayad ng sasakyan. Pagkatapos ng aming klasi uuwi ako ng maaga upang **pakapahinga** na sa bahay at kung mayroon ding ipinagawa ang aming mga instructor o guro | Subalit minsan wala kaming pero o baon kaya naman kailangan kung maglakad **papunta** sa paaralan dahil walang pambayad ng sasakyan. Pagkatapos ng aming klase ay uuwi ako ng maaga upang **makapagpahinga** na sa bahay at kung mayroon ding ipinagawa ang aming mga instruktor o | Sa unang pangungusap, mali ang "pamunta"; ang tamang gamitin ay "pupunta" dahil ito ang nagpapahayag ng lugar na patutunguhan. Ang salitang "pupunta" ay tumutukoy sa aksyon ng paglakad papunta sa paaralan. Sa pangalawang pangungusap, mali ang "pakapahinga"; ang tamang salita ay |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | **gagawin** ko agad pagdating sa bahay upang hindi malimutan ang mga gagawin o project sa paaralan. **FMS-25** | guro ay **ginagawa** ko agad pagdating sa bahay upang hindi malimutan ang mga gawain o proyekto sa paaralan. | "makapagpahinga," na tumutukoy sa oras para magpahinga pagkatapos ng aktibidad. Ang salitang "makapagpahinga" ay angkop sa konteksto ng pagpaplano ng oras para magpahinga pagkatapos ng klase. Gayundin sa salitang "gagawin" na angkop gamitin ang salitang "ginagawa," na naglalarawan ng kasalukuyang aktibidad, at hindi mga plano o layunin sa hinaharap. |
| | Alas sais pa lang ng umaga ay gigising na ako at ang aking unang ginagawa ay maghihilamos at pagkatapos ay magsasaing at bibili ng ulam na aking **lulutoin** at paghahatian para sa umaga at tanghali. **FMS-29** | Alas-sais pa lang ng umaga ay gigising na ako at ang aking unang ginagawa ay maghihilamos at pagkatapos ay magsasaing at bibili ng ulam na aking **lulutuin** at paghahatian para sa umaga at tanghali. | Ang salitang "lulutoin" sa pangungusap ay mali dahil sa pagpapalit ng patinig na /o/ sa /u/ sa ilalim ng hulaping /-in/. Ayon sa tuntunin ng ortograpiya, nagiging /u/ ang /o/ kapag ang salitang-ugat ay nilapatan ng hulapi. Samakatuwid, ang tamang anyo ng salitang-ugat na "luto" ay "lulutuin" kapag nilapatan ng hulaping /-in/. Ang pagpapalit ng patinig ay nagaganap lamang kapag may hulaping idinadagdag sa salitang-ugat. |
| | Pagkatapos ng klase namin ay uuwi agad ako sa boarding house upang **mapakapahinga** at makakain na nang pananghalian. **FMS-30** | Pagkatapos ng klase namin ay uuwi agad ako sa boarding house upang **magpahinga** at makakain na nang pananghalian. | Ang salitang "mapakapahinga" ay mali at hindi matatagpuan sa Filipino diksyunaryo. Sa konteksto ng pangungusap, ang tamang salita ay "magpahinga," na nagpapahayag ng pag-uwi pagkatapos ng klase upang maglaan ng oras para magpahinga. Ang "magpahinga" ang wastong gamitin dahil ito ay tumutukoy sa aksyon ng pagbibigay oras para sa pahinga. |
| | Kaya ginagawa ko ang bagay na **makakatulong** sa kanila, at minsan rin ay nagbabantay ako ng aking mga pamangkin, pinapakain, pinapaliguan | Kaya ginagawa ko ang bagay na **makatutulong** sa kanila, at minsan din ay nagbabantay ako ng aking mga pamangkin, pinapakain, pinapaliguan at | Ang salitang "makakatulong" ay mali ang estruktura. Ayon sa tuntunin ng ortograpiya sa Filipino, dapat gamitin ang panlaping /maka-/ at uulitin ang unang pantig |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | at **tinuturaan** magbasa tuwing gabi. **FMS-31** | **tinuturuan** magbasa tuwing gabi. | ng salitang-ugat na "tulong," kaya ang tamang anyo ay "makatutulong." Ang salitang "tinuturaan" na ginamit sa pangungusap ay hindi umiiral sa Filipino diksyunaryo. Tanging ang salitang "tinuturuan," na tumutukoy sa proseso ng pagtuturo ang wasto rito. |
| | Pagkatapos kung maghilamos ay **nagluluto** ako ng kanin at **naghuhugas** nang pinggan. **FMS-32** | Pagkatapos kong maghilamos ay **magluluto** ako ng kanin at **maghuhugas** ng pinggan. | Ang salitang "nagluluto" at "naghuhugas" ay hindi angkop sa konteksto ng pangungusap, dahil nagsasaad ito ng kasalukuyang aksyon. Kung ang ibig sabihin ay gagawin pa lamang sa hinaharap pagkatapos maghilamos, ang tamang salita ay "magluluto" at "maghuhugas," na tumutukoy sa mga kilos na gagawin sa hinaharap at nasa aspektong kontemplatibo. |
| | Noon, ang aking pinaka gustong korso talaga ay maging isang architect subalit kami ay may kakulangan sa pera kaya ako'y **komuha** nalang ng korsong Education, Secondary Major in Filipino. **FMS-40** | Noon, ang aking pinaka gustong kurso talaga ay maging isang architect subalit kami ay may kakulangan sa pera kaya ako'y **kumuha** nalang ng kursong Secondary Education, Major in Filipino. | Sa unang pangungusap, may pagkakamali sa baybay ng "komuha." Ang tamang anyo ay "kumuha," gamit ang panlaping /-um-/ sa halip na /-om-/. Ang "kumuha" ay tumutukoy sa pagpili ng kurso sa kolehiyo, na nagpapakita ng desisyon ng mag-aaral na pumili ng Secondary Education, Major in Filipino dahil sa kakulangan sa pera. Ang pandiwang "kumuha" ay nasa aspektong aktibo, na nangangahulugang ang desisyon ay ginawa sa kasalukuyan. |
| | Pagkatapos kung maligo ay gigisingin ko na ang aking mga kapatid **papakainin** ko muna bago ko sila liliguan tapos bibihisan ko na sila ng uniforme. **FMS-43** | Pagkatapos kong maligo ay gigisingin ko na ang aking mga kapatid, **pakakainin** ko muna bago ko sila liliguan tapos bibihisan ko na sila ng uniporme. | Ang salitang ginamit sa pangungusap ay may pagkakamali sa estruktura. Ang tamang panlapi para sa salitang-ugat na "kain" ay /pa-/ o /pag-/ at hindi /papa-/, kaya ang wastong anyo ay "pakakainin." Ang "pakakainin" ay nasa |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | aspektong kontemplatibo, na nangangahulugang ang kilos ay magaganap sa hinaharap. Sa konteksto, ang pagpapakain sa mga kapatid ay mangyayari pagkatapos maligo ang nagsasalita. |
| | Pagkatapos kong magbihis ay **nagluluto** agad ako ng aking pang umagahan na pagkain para hindi ako gugutomin sa klase at bago ako umalis ng bahay ay nililipit ko ang mga kalat at nag-aabang agad ako sa kalsada ng masasakyan para pumunta ng paaralan. **FMS-45** | Pagkatapos kong magbihis ay **magluluto** agad ako ng aking pang umagahan na pagkain para hindi ako gugutomin sa klase at bago ako umalis ng bahay ay nililigpit ko ang mga kalat at nag-aabang agad ako sa kalsada ng masasakyan papuntang paaralan. | Ang salitang "nagluluto" sa pangungusap ay hindi angkop dahil ang konteksto ay nagsasaad na ang kilos ay gagawin pa lamang. Ang tamang anyo ay "magluluto" dahil ang panlaping /mag-/ ay ginagamit para sa aspektong kontemplatibo, na nagpapahiwatig na ang kilos ay gagawin pa lamang sa hinaharap. Samantalang ang "nagluluto" ay may panlaping /nag-/ na nagsasaad ng kasalukuyang kilos. Kaya't ang wastong gamitin ay "magluluto." |
| | Ang buhay ng mag-aaral ay hindi ganon kadali gigising ng alas kwatro ng madaling para maghanda ng umagahan dahil **papasuk** sa paaralan. **FMS-47** | Ang buhay ng mag-aaral ay hindi ganon kadali, gigising ka ng alas-kwatro ng madaling araw para maghanda ng umagahan dahil **papasok** sa paaralan. | Ang salitang ginamit ay akma sa konteksto ng pangungusap ngunit may pagkakamali sa baybay. Walang dahilan upang palitan ang patinig na /o/ sa /u/ kapag inuulit lamang ang unang pantig ng salitang-ugat. Ang palitan ng patinig ay nangyayari lamang kapag ang salitang-ugat ay nilalapian ng iba't ibang panlapi. Kaya't walang dahilan para sa pagpapalit ng patinig sa salitang ginamit sa pangungusap. |

Sa Talahanayan 1.4 ay makikita sa unang hanay batay sa isinagawang pagsusuri, lumabas na may isang kamalian ang natukoy ng mananaliksik sa mga sanaysay na nilikha ng mga estudyante. Ang ikaapat at panghuling kamalian sa gramatika ay ang kamalian sa pagsasaayos o misorder.

**Kamalian sa Pagsasaayos**

Ang kamaliang ito ay nakatuon sa maling pagkakalagay ng isa o higit pang morpema sa isang salita o pangungusap. Makikita sa talahanayan ang mga salitang may di-wastong pagkakaayos ng mga morpema, partikular sa paggamit ng pandiwa. Makikita sa ikalawang hanay ng talahanayan ang korpus o ang mga kamalian ng pandiwa sa pangungusap na nakitaan sa kategoryang misorder o kamalian sa pagsasaayos. Ang mga kamaliang ito ay itinama sa ikatlong hanay, samantalang sa ikaapat na hanay ay ang pagsusuring nakita sa korpus na natamo ng estudyante. Makikita naman sa bahaging ito ang pagpapalawig ng bawat kamalian ayon sa aspekto ng pandiwang ginamit sa pangungusap gayundin ang angkop na pagbaybay ng mga salita sa wikang Filipino

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1.4**
**Kamalian sa Pagsasaayos**

| Uri ng Kamalian | Kamalian ng Pandiwa sa Pangungusap | Pagwawasto ng Pandiwa sa Pangungusap | Analisis |
|---|---|---|---|
| **Kamalian sa Pagsasaayos** | Ako ay isang estudyante na nagsisikap mag-aaral at **nangaganrap** na makapagtapos sa kursong kinuha ko kahit madaming pagsubok sa buhay na dumarating lumalaban pa rin ako kahit na kapos sa pinansiyal hindi parin ako nawalan ng pag-asa sa pag-aaral dinadarasal ko na lang ang mga problemang dumarating sa akin dahil naniniwala ako na ang panginoon lang ang makatutulong sa aking mga problema. **FMS-2** | Ako ay isang estudyante na nagsisikap mag-aaral at **nangangarap** na makapagtapos sa kursong kinuha ko kahit madaming pagsubok sa buhay na dumarating, lumalaban pa rin ako kahit na kapos sa pinansiyal hindi parin ako nawalan ng pag-asa sa pag-aaral ipinagdarasal ko na lang ang mga problemang dumarating sa akin dahil naniniwala ako na ang panginoon lang ang makatutulong sa aking mga problema. | Ang korpus na ito ay nakitaan ng pagkakamali sa pagsasaayos ng morpema o panlapi, na nagdudulot ng hindi malinaw na pagpapahayag. Ang partikular na kamalian ay ang maling ayos ng morpema sa salitang "nangaganrap," na nangangailangan ng tamang balarila sa Filipino, partikular sa pagbabaybay. Ang salitang "nangaganrap" ay may bahagi ng morpema na nailipat, kaya't ang mas angkop na anyo ay "nangangarap," isang pandiwa na nagpapahayag ng kilos na may kinalaman sa pagtataguyod ng mga pangarap o layunin sa buhay. |

**Buod ng Kabanata**

Batay sa resulta ng isinagawang pagsusuri sa limampu at isang tekstong deskriptibo ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino, natukoy ang mga karaniwang kamalian sa paggamit ng pandiwa. Ang mga sanaysay na ito ang pangunahing kagamitan ng pananaliksik upang masuri at maunawaan ang mga uri ng pagkakamali ng mga mag-aaral. Lumabas sa resulta na may apat na uri ng kamalian. Ito ay ang pagkakaltas, pagdadagdag, kamalian sa anyo at kamalian sa pagsasaayos na nagbibigay ng mahalagang pananaw sa mga aspekto ng wika na kailangang pagtuonan ng pansin sa pagtuturo.

Sa kabilang banda, ang karaniwang kamalian ng mga estudyante sa kanilang isinulat na sanaysay ay ang kamalian sa anyo na may labinwalo, sinundan ng pagkakaltas na may pitong estudyante, pagdadagdag na kinabibilangan ng limang estudyante at ang kamalian sa pagsasaayos na may isang estudyante. Ipinapakita nito na ang kamalian sa anyo ang pinakamadalas na nagawa ng mga mag-aaral sa kanilang paggamit ng pandiwa. Sa kabuoan, nagkaroon ng dalawampu at pito na estudyante ang nakapagtala ng pagkakamali sa paggamit ng pandiwa sa kanilang isinulat na sanaysay.

## DISKUSYON

Napakahalaga ang angkop at malinaw na salita sa pagbuo ng konteksto ng pangungusap. Mahirap unawain ang isang mensahe kapag hindi angkop ang mga salitang gagamitin sa isang sulatin. Hindi lubusang mauunawaan ang nais nitong iparating kung walang kawastuhan ang anyo nito. Marapat din na bigyang-pansin ang kahalagahan ng pagsusulat gamit ang wikang Filipino sapagkat hindi magiging pormal ito kapag ka manghihiram ng salitang banyaga na hindi isinasalin o hindi binibigyang katumbas sa target na wika o Filipino.

Ayon kay Misa (2021), ang balarila ay inilarawan bilang isang sistema ng pamamahala at pagsasanib ng mga salita sa isang wika upang lumikha ng bagong kahulugan. Ito ay isang set ng mga estruktural na alituntunin na naglalaman ng iba-ibang mga bahagi gaya ng parirala, sugnay, pangungusap, pagbuo ng mga salita at tamang paggamit ng mga salita. Kaya naman sa pananaliksik na ito ay nakitaan na mayroong mga salitang ginamit na pandiwa ang hindi angkop sa konteksto ng pangungusap na nagdudulot ng di-malinaw na pagpapahayag.

Dagdag pa sa pananaliksik na isinagawa nina Santosa et.al (2019), isang malaking isyu na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay ay ang kakulangan sa kasanayan sa bokabularyo at ang maling paggamit ng mga wasto at angkop na termino. Nagkaroon kasi ang mag-aaral ng pag-aalinlangan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

sa paggamit ng salita sa wikang Ingles dahil wala mismong katumbas nito sa Filipino. Kaya naman sa resulta ng ginawang pag-aaral na ito ay nakitaan na mayroon ding mga salitang banyaga ang ginamit sa sanaysay subalit sa pagkakataong ito ay mayroon itong mga katumbas na salita sa wikang Filipino. Tanging mahihinuha lamang nito na salat ang kaalaman na mayroon ang mga estudyante sa tuntunin ng ortograpiyang Pambansa dahil mas naikintal pa nito ang ang mga salita na madalas na kanilang naririnig sa iba na kung tutuusin wala sa angkop na tuntunin sa target na wika o Filipino.

Sa talakayan ng pag-aaral na ito nakapokus sa kamalian ng paggamit ng pandiwa sa isinulat na tekstong deskriptibo ng mga estudyante na nahahati sa apat na kategorya ng kamalian sa gramatika gaya ng pagkakaltas, pagdadagdag, kamalian sa anyo, at kamalian sa pagsasaayos. Ito ang nakitaan na pagkakamali sa isinulat na sanaysay ng mga estudyante na malaking pagkukulang at pagmamalabis sa angkop na estruktura o anyo ng salita gabay ang tuntunin ng ortograpiyang Filipino.

**Kamaliang Nakita sa Tekstong Deskriptibo**

Ang pagsusulat ay bahagi ng kasanayan ng isang tao upang mahubog ito sa pagpapahayag ng ideya, opinyon at kaalaman sa paksang pinag-uusapan. Paraan ito upang masukat kung gaano kalawak ang pag-iisip ng mga ideya na ibabahagi sa mga mambabasa, subalit sa pagpapahayag ay minsan nagkakaroon ng pagkakamali dahilan ng paggamit ng mga salita o termino na kadalasang nagbibigay ng maling pagpapakahulugan o pagpaparating ng mensahe sa konteksto ng buong pangungusap na nagreresulta sa di-malinaw na pagpapahayag.

Ang pagsusulat at gramatika ay hindi maaaring paghiwalayin sapagkat ang mga tuntunin sa gramatika ay isa sa mga aspekto na dapat isaalang-alang ng mga mag-aaral bago sila magsulat ng anuman. Ayon kay Swan (1998: 19) na binanggit nina (Khairunisa, A., Nadrun, 2018), ang gramatika ay ang tuntunin na nagpapaliwanag kung paano binabago ang mga salita upang ipakita ang iba-ibang kahulugan at kung paano sila pinagsasama-sama upang mabuo ang mga pangungusap. Ito ay nangangahulugang ang gramatika ay isang paraan sa pagbuo ng iba-ibang kahulugan ng mga salita na ginagamit upang itayo ang isang pangungusap sa pagsusulat. Samantalang, ang pagsusulat ay nangangailangan ng malalim na pag-iisip sa pagbubuo ng mga ideya sa isang salita, salita sa pangungusap, at pangungusap sa talata nang sabay-sabay na may angkop na gramatika.

Ayon sa pag-aaral nina Dewi et al. (2020), sapat na kakayahan sa wika ang naglilingkod sa mga mag-aaral upang maiparating ng mabisa ang kanilang mensahe habang patuloy na ginagamit ang kahusayan sa pagsusulat sa paggamit ng wika. Maraming kumbensyon sa wika ang dapat isaalang-alang sa pagsusulat ng isang akademikong sanaysay sa Ingles, kabilang ang pagsasaalang-alang sa morpolohiya, sintaks, semantika, at pragmatika. Gayunpaman, nagkakaroon pa rin ng mga pagkakamali ang mga mag-aaral sa kanilang pagsusulat ng mga akademikong sanaysay gaya na lamang ng maling paggamit ng mga anyo ng salita at pangngalan.

Dagdag pa nina Alghazo et al. (2020) kung kulang sa kaalaman sa wikang Ingles ang mga estudyante at hindi lubos na maalam sa bokabularyo at gramatika, malaki ang posibilidad na makaranas sila ng mga hamon sa pagsusulat. Gayundin ito sa resulta ng pag-aaral na ginawa na ang midyum na ginamit sa pagsusulat ng sanaysay ay ang wikang Filipino. Nagkamali rin ng kumbensyon sa wika, balarila at pati na sa angkop na anyo ng salita partikular lalo sa gamit na pandiwa sa loob ng pangungusap. Kaya naman malaking kawalan ito sa maayos at malinaw na mensahe sa buong konteksto ng sanaysay.

Batay kay Harmer (2007) gaya ng binanggit nina Pardose et. al (2019), ang mga pagkakamali ay inilalagay sa tatlong mahalagang bahagi, una ang tinatawag na slips (mga pagkakamaling ginagawa ng mga estudyante ngunit maaaring itama ng mga ito sa kanilang sarili pagkatapos na ituro ang pagkakamali sa mga mag-aaral), errors (mga pagkakamaling ginagawa ng mga estudyante ngunit hindi maaaring ituwid ng mga ito sa kanilang sarili, kaya kailangan nila ng paliwanag mula sa guro), attempts (kapag sinubukan ng mga estudyante na ipahayag ang isang bagay ngunit hindi pa nila nauunawaan kung paano ito maipapahayag ng tama). Batay sa nabanggit na pahayag, maaaring maipahayag na kung ang mga mag-aaral ay may alam sa mga patakaran, ngunit gumagawa pa rin ng mga pagkakamali, ito ay tinatawag na slipping. Samantala, kung ang mga estudyante ay hindi alam at gumagawa ng mga pagkakamali, ito ay tinatawag na error.

Ito rin ang nakikitang dahilan sa pananaliksik na ito na kung hindi man alam ang tamang gramatika sa Filipino ay posibleng makagagawa ang mga mag-aaral ng pagkakamali at kapag ka alam na nito ang angkop na gramatika subalit nakaligtaan lang ang wastong gamit ng salita ay nakaaapekto pa rin ito sa di-malinaw na mensahe sa buong konteksto ng pangungusap at nawawala ang kalidad ng nais nitong iparating kung hindi angkop ang ginamit na mga salita na hindi mismo naisaalang-alang ang tuntunin ng ortograpiyang Pambansa.

Ang framework na ginamit sa pag-aaral na ito ay batay sa Error Analysis ni Corder (1974), na kilala rin sa pamagat na “The Significance of Learner’s Errors.” Binibigyang-diin ni Corder na ang mga pagkakamali ng mga estudyante ay hindi maaaring iwasan at bahagi ng natural na proseso ng pagkatuto ng wika. Ipinapakita ng kanyang pananaw na ang pagsusuri ng mga kamalian ay may malaking kahalagahan upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang kanilang mga kalakasan at kahinaan sa gramatika at upang matukoy ang mga aspeto ng wika na kailangan pang mapagtuunan ng pansin at pagpapahusay. Bilang bahagi ng kanyang teorya, iminungkahi ni Corder (1974) ang apat na kategorya ng pagsusuri ng kamalian na magsisilbing gabay sa pag-aaral: omisyon o pagkakaltas, adisyon o pagdagdag, misformation o maling paggamit at pagpili ng mga salita at misorder o maling pagkasusunod-sunod ng morpema.

Sa unang kategorya, ang omission o pagkakaltas ay tumutukoy sa pagkawala ng isang mahalagang bahagi na kinakailangan sa isang salita o pangungusap. Katulad na lamang ng “mag-intay” at “makaghand” na ginamit ng mag-aaral sa ginawa nitong sanaysay. Ang salitang “mag-intay” ay wala sa Filipino

diksyunaryo at ang tanging mayroon lamang ay "maghintay," nagkaroon lamang ng pagkukulang ng letrang /h/ sa salitang ginamit. Samantala, ang salitang "makaghand" na ginamit sa sanaysay ay wala rin sa diksyunaryong Filipino, nawalan ng panlaping /-pag-/ at patinig na /-a/ sa hulihan ng salita. Kung kaya, ang nararapat lamang gamiting salita ay "makapaghanda" sapagkat ito ay tama at angkop gamitin sa pangungusap. Ang mga pagkakamaling ito ay sanhi ng pagmamadali o hinuha na tama ang baybay o di kaya'y walang sapat na kaalaman kung alin ang angkop na gamiting salita.

Ayon sa pag-aaral ni Reynancia (2023), isang rason kung bakit nagkakamali ang manunulat sa baybay ay ang kawalan ng kasiguruhan sa tamang anyo ng salita. Sa ganitong sitwasyon, madalas ay may ugaling alisin o baguhin ang ilang titik o tunog upang gawing mas simple at mas madaling baybayin ang salita. Bukod dito, ang pagmamadali ng manunulat sa pagsulat ay nagiging sanhi rin ng mga pagkakamali dahil hindi na niya napapansin ang mga nawawalang titik o maling gamit ng salita. Ang ganitong mga pagkakamali ay kadalasang hindi sinasadya at bunga ng mabilisang proseso ng pagsusulat.

Ayon naman kay Chomsky (2018), ang pagkukulang ay isang pangkaraniwang uri ng pagkakamali sa pagbaybay, lalo na sa mga bata at mga nag-aaral ng wika. Karaniwang nangyayari ito kapag hindi tiyak ng manunulat ang tamang baybay ng isang salita, kaya may tendensiyang alisin o hindi isama ang ilang titik. Ang pagmamadali sa pagsulat ay isa ring salik, kung saan sa kagustuhang tapusin agad ang isang ideya, hindi na napapansin ang mga nawawalang letra. Ang mga ganitong pagkakamali ay hindi lamang limitado sa mga batang manunulat, kundi maging sa mga nag-aaral ng bagong wika o sa mga taong bihira nang gamitin ang isang partikular na bokabularyo. Kaya, mahalaga ang maingat na pagsusuri o muling pagbasa ng isinulat upang maiwasan ang mga pagkukulang sa baybay.

Sa pangalawang kategorya naman ay ang addition o pagdadagdag. Ito ay ang pagdadagdag ng mga hindi kailangan na bahagi sa isang salita o pangungusap. Ito ang pagkakamali na kung saan ang isang salita ay sadya o hindi sinasadyang dagdagan ng isa pa o dalawang titik na maaaring magbunga ng pagbabago ng kahulugan nito. Nakakamit ito bunga ng hindi tiyak na baybay ng salita na sinusulat dulot ng pakikinig sa di tiyak na tunog ng sinasalitang wika at sa nakasanayang baybay na inaakalay tama.

Katulad na lamang ng mga salitang "magtratrabaho" at "mag-sasaing" na ginamit ng mag-aaral sa nilikhang sanaysay. Ang salitang "magtratrabaho" ay isang pandiwa na tumutukoy sa kilos na magaganap pa lamang. Bagaman tama ang konteksto, mali ito ayon sa Ortograpiyang Pambansa ng Komisyon sa Wikang Filipino. Kapag nagsisimula ang salita sa kambal-katinig (consonant cluster), inuulit lamang ang unang katinig at patinig. Dahil ang salitang-ugat ay "trabaho" (na may kambal-katinig na /tr/), ang tamang anyo ay "magtatrabaho," inuulit ang /t/ at /a/.

Samantalang ang salitang "mag-sasaing" ay mali ang paggamit ng gitling sa pagitan ng panlaping /mag-/ at salitang "sasaing" sa pangungusap. Ayon sa tuntunin, ginagamit lamang ang gitling kapag inuulit ang salita (e.g., "araw-araw"), inuulit ang unang dalawang pantig ng mahigit dalawang pantig na salita (e.g., "pali-palito"), o paghiwalayin ang pantig na nagtatapos sa katinig at nagsisimula sa patinig (e.g., "pag-asa"). Samakatuwid, ang tamang anyo ay "magsasaing" na walang gitling. Sa pagsusuring ito, nakitaan na ang mga salitang ginamit ay wala sa tuntunin sa gramatika. Mahihinuha nito na hindi pa sapat ang kaalaman ng estudyante kaugnay sa balarilang Filipino.

Ang pagdadagdag ng mga hindi kinakailangang salita o bahagi ng pangungusap ay isa sa mga karaniwang pagkakamali ng mga estudyante, lalo na sa larangan ng gramatika. Ipinapakita nito ang kakulangan ng kaalaman sa wastong paggamit ng mga bahagi ng wika, na nagiging sanhi ng pagkalito sa mensahe. Ayon kay Santos (2021), ang ganitong uri ng kamalian ay maaaring humantong sa hindi malinaw at mali ang pag-unawa sa isang pangungusap. Ang labis na pagdadagdag ay karaniwang bunga ng kawalan ng tiwala sa wika, kung saan ang mga estudyante ay nagiging pabigat ang pagpapahayag upang maging tama. Upang maiwasan ito, mahalagang sanayin ang tamang paggamit ng mga bahagi ng wika sa mas malinis at diretsong paraan ng pagpapahayag.

Matibay naman itong sinuportaan ng pananaliksik na Error Analysis on Students' Descriptive Writing nina Hidayati et. al (2023) ang opinyon na maraming pagkakamali ang nagawa ng mga mag-aaral sa kanilang pagsusulat. Ipinapahiwatig nito na maaaring hindi nangangalap nang wastong bokabularyo at patakaran sa gramatika ang mga mag-aaral. Bukod pa rito, ang ilang pagkakamali ay maaaring dulot ng kawalan ng pag-iingat sa pagsusulat gaya sa hindi maingat na paggamit ng angkop na gramatika, pagbaybay at maging ang paggamit ng mga bantas habang sumusulat. Kabilang na rin dito ang pagsasaling-wika mula sa unang wika patungo sa target na wika na kadalasan ay konsistent ang pagsasalin na wala mismong katumbas na salita kaya naging literal ang pagkakasalin nito.

Ang ikatlong kategorya sa pagsusuri ng mga kamalian ay ang misformation o maling paggamit at pagpili ng mga salita at morpema. Mula sa pag-aaral na isinagawa, napansin na ginamit ang mga salitang "makakapunta" at "napepressure" sa mga sanaysay. Ayon sa tuntunin ng ortograpiyang Filipino, ang salitang "makakapunta" ay mali dahil sa paggamit ng panlaping /makaka-/, na walang wastong anyo. Ang tamang anyo nito ay "makapupunta," na gumagamit ng panlaping /maka-/ at inuulit ang unang pantig ng salitang-ugat na "punta." Samantala, ang salitang "napepressure" ay isang panghihiram mula sa Ingles na "pressure," at nilapatan ng panlaping /na-/, ayon sa tuntunin ng paglalapi. Gayunpaman, sa pormal na pagsusulat sa Filipino, iniiwasan ang paggamit ng mga banyagang salita. Sa halip na "napepressure," mas angkop ang paggamit ng "nababagabag" bilang katumbas na salin. Ang pagsusuri ng pag-aaral na ito ay nagpapakita ng mga kamalian sa anyo ng mga ginamit na salita, pati na rin ang di-angkop na panghihiram ng mga banyagang salita, na nagpapahiwatig ng kakulangan ng pagpapahalaga sa wikang Filipino bilang midyum ng pormal na pagsusulat.

Ang mga mag-aaral ay gumagawa ng mga pagkakamali sa wika na hindi naaayon sa mga pamantayan o batayan nito. Ito ay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

karaniwang ginagawa nila nang paulit-ulit at walang sapat na paliwanag o katwiran para sa kanilang mga pagkakamali. Ang mga pagkakamaling ito ay maaaring magpakita sa iba-ibang yugto ng pagkatuto ng wika. Madalas na nagkakamali ang mga mag-aaral dahil sa kanilang kakulangan sa kaalaman sa mga tuntunin sa gramatika, angkop na bokabularyo, o mga istruktura ng pangungusap. Ang pagkakaroon ng mga pagkakamali ay maaaring maiugnay sa iba't ibang mga isyu na nagmumula sa kakulangan ng mga mag-aaral sa kakayahan na lumikha ng nilalaman na may tamang estruktura at magkabit-kabit o magkaugnay nang maayos upang maging malinaw at organisado ang kabuoang kahulugan na kinakailangan para sa pang-unawa ng mambabasa (Rizqullah & Abdul, 2022).

Sa pananaliksik na isinagawa ni Pasaribu (2021) na A Common Error Analysis in Student's English Narrative Writing ay lumabas ang apat na uri ng kamalian tulad ng omisyon, adisyon, misorder at mispormasyon na ang resulta ng pag-aaral ay nagpapatunay din na maaaring mangyari ang mga pagkakamali sa pagsusulat sa lahat ng antas ng edukasyon, lalo na para sa mga mag-aaral na sumusubok na maging bihasa sa pagsusulat sa L2 o pangalawang wika. Nakitaan sa kanyang pag-aaral na ang dahilan ng pagkakamali ng mga estudyante ay ang kawalan ng kaalaman sa mga tuntunin ng L2 sa pagbubuo ng mga pangungusap. May ilan na naaapektuhan ng mga tuntunin ng kanilang unang wika upang makabuo ng mga pangungusap, at may ilan naman na dahil sa literal na pagsasalin gamit ang mga konsepto ng pangungusap at mga salita ng kanilang unang wika. Samakatuwid, maaaring mahirapan ang mga estudyante na maipahayag ang kanilang mga ideya sa pagsusulat sa Ingles dahil ang mga tuntunin ay hindi pamilyar sa kanila.

Kahalintulad naman ito sa nagawang pag-aaral, nagkaiba lamang sila ng target na wika subalit magkaparehas ang dahilan kung bakit nakagagawa ang mga estudyante ng kamalian. Isa ito sa rason kung bakit nahimok ang mananaliksik na pag-aralan ito sapagkat ninanais nitong alamin kung saang antas na ba ng pagkatututo ng wika ang mga mag-aaral partikular lalo sa wikang Filipino. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa kamaliang natamo ng mga mag-aaral ay mababatid ng mananaliksik ang mga sanhi ng kanilang pagkakamali.

Ang panghuling kategorya sa pagsusuri ng kamalian ay misorder o ang maling pagkakalagay ng isang morpema sa isang salita. Sa pag-aaral, lumabas ang isang korpus na may pagkakamali sa pagsasaayos ng morpema o panlapi, na nagreresulta sa hindi malinaw na pagpapahayag. Isang halimbawa ng ganitong kamalian ay ang maling ayos ng morpema sa salitang "nangaganrap," na nagpapakita ng kakulangan sa wastong balarila at pagbabaybay sa Filipino. Ang tamang anyo nito ay "nangangarap," isang pandiwang nagpapahayag ng kilos na may kaugnayan sa pagtataguyod ng mga pangarap o layunin. Ang kamaliang ito ay maaaring bunga ng hindi pag-alala sa tamang anyo ng salita o ng pagmamadali sa pagsulat na nagresulta sa maling baybay. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng maingat na pagsusuri ng mga salita at ang tamang paggamit ng mga morpema upang maiwasan ang ganitong uri ng kamalian.

Sa pananaliksik na isinagawa ni Reynancia (2023), napag-alaman na ang pagmamadali ng manunulat sa pagsulat ay isang pangunahing sanhi ng mga pagkakamali, tulad ng mga nawawalang titik o maling paggamit ng salita. Kapag mabilis ang proseso ng pagsusulat, mas nagiging mahirap para sa manunulat na suriin ang tamang anyo ng mga salita at baybay, kaya't hindi namamalayan ang mga pagkakamaling nagagawa. Ang ganitong mga pagkakamali ay kadalasang hindi sinasadya, ngunit may malaking epekto sa kalidad ng isang teksto, lalo na kung ito ay nangangailangan ng tamang gramatika at wastong baybay. Dagdag pa rito, ipinapakita ng pag-aaral na ang bilis ng pagsusulat ay hindi lamang nakaaapekto sa teknikal na aspekto ng pagsulat, kundi maging sa kalinawan ng ipinapahayag na ideya. Kaya naman, mahalagang bigyan ng sapat na oras ang bawat yugto ng pagsusulat, mula sa pagsasaayos ng mga salita hanggang sa muling pagbabasa upang matiyak ang mas maayos at epektibong pagpapahayag.

Kaya naman binigyang-diin ni Benarita (2023) sa kanyang pag-aaral, "An Analysis of Grammatical Errors in Writing Descriptive Text" na ang pagsusulat ay hindi madali dahil nangangailangan ito ng pag-unawa at sapat na kakayahan upang makabuo ng maayos na sulatin. Ang pagsusulat ay hindi lamang tungkol sa pag-aayos ng mga salita upang makabuo ng pangungusap, pag-uugnay ng mga pangungusap upang makabuo ng talata, at pag-aayos ng mga talata para makalikha ng isang teksto. Kailangan din nito ng kaalaman sa gramatika at bokabularyo, pag-unawa sa wastong paggamit ng kaalamang panggramatika sa iba-ibang konteksto at layunin, pati na ang kaalaman sa paksang isusulat. Mahalaga ang kakayahan sa gramatika upang maging makabuluhan ang ating pagsusulat at matagumpay na makamit ang layunin nito sa pagpapahayag.

Kaya naman sa resulta ng pag-aaral ay nakita na may mahigit kalahating sanaysay ang nakita na may pagkakamali sa mga ginamit na pandiwa na nauuri sa apat na kategorya ng kamalian. Nahinuha nito na ang sanhi ng pagkakamali ng mga estudyante ay sa kakulangan ng sapat na kaalaman sa tuntunin ng ortograpiyang Filipino at kawalang-ingat sa paggamit ng mga salita sa pagbuo ng pangungusap. Gayunpaman, ang mga pagkakamaling ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangan ng masusing pagtuturo ng tamang gramatika at pagbabaybay sa estudyante, lalo na sa mga nagsisimula pa lamang sa kanilang pag-aaral ng wika. Ang mga pagkakamali ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagkatuto, ngunit sa tulong ng wastong gabay at pagsusuri, maaaring mahasa ang kasanayan ng mga estudyante sa pagsusulat.

**Implikasyon sa Pagtuturo ng Wika**

Sa pagtuturo ng wika na may pagsusuri ng mga kamalian sa gramatika ay naglalayong mapalalim ang kaalaman ng mga estudyante sa wastong paggamit ng wika. Mula sa pagtukoy at pag-intindi sa mga kamalian, natututuhan ng mga ito ang mga pangunahing patakaran at estruktura ng wika. Ito ay nagbibigay sa kanila ng mas malawak na pang-unawa sa mga konsepto at prinsipyo ng wika, na naglalayong palakasin ang kanilang kakayahan sa komunikasyon at pag-unlad ng kasanayan sa pagsulat at pagpapahayag.

Bukod pa rito, ang pag-intindi ng lahat ng dahilan ng mga kamalian tulad ng pagkakaltas (omission), pagdadagdag (addition), kamalian sa anyo (misformation), at kamalian sa pagsasaayos (misorder) ay malaking bagay upang matututuhan ng mga estudyante ang makabuo ng maayos at angkop na paggamit ng mga salita nang sa gayon ay makabuo ng wastong pangungusap na may pagsasaalang-alang sa tuntunin ng gramatika. Ang pagsusuri sa mga kamalian ay nagtuturo sa mga estudyante na magkaroon ng kritikal na pag-iisip at mapanuring pag-aaral sa kanilang sariling mga akda. Ito ay nagpapalakas sa kanilang kakayahan na suriin at ituwid ang kanilang gawa na nagdudulot ng mas mataas na kalidad ng pagsulat at pagpapahayag.

Ang pagtuturo ng wika na may pokus sa pagsasaalang-alang ng mga kamalian ay nagpapataas ng antas ng pagpapahalaga ng mga estudyante sa kanilang pag-aaral. Sa pamamagitan ng araw-araw na pagtanggap at pagbibigay-kahulugan sa mga kamalian, natututuhan ng mga estudyante na magkaroon ng positibong pananaw sa proseso ng pag-aaral at pag-unlad. Ito ay nagbubunga ng mas mataas na antas ng kumpiyansa at pagpapahalaga sa sarili na nagbibigay ng motibasyon sa kanila na patuloy na magpursigi sa kanilang pag-aaral.

Mahalaga ang pagsasanay sa wastong paggamit ng wika upang mapalakas ang kakayahan ng mga estudyante hindi lang sa komunikasyon kundi maging sa larangan ng pagsusulat. Sa pamamagitan naman sa pagtuturo ng mga estratehiya at kasanayan sa wastong paggamit ng wika, natututuhan ng mga estudyante na maging mas malikhain at epektibo sa kanilang pagpapahayag. Ito ay nagbibigay sa kanila ng kakayahan na maipahayag ng malinaw at mabisa ang kanilang mga ideya at damdamin sa iba, na nagpapalakas sa kanilang ugnayan at pakikipag-ugnayan sa lipunan.

Dagdag pa, ang pag-aaral na ito na nakapokus sa pagsusuri ng kamalian sa gramatika higit lalo ang paggamit ng pandiwa ay mayroon ding implikasyon na naidudulot para sa mga taong may malaking impluwensya sa pagpapalaganap ng maayos at kalidad na pagkatuto sa mga estudyante. Isa ang mga kawani ng tagapagsulong sa maayos na sistema ng edukasyon, kabilang na ang Commission on Higher Education (CHED), ang lupon ng ating institusyon sa akademiko at mga gurong tagapagdaloy ng karunungan at pagkatuto. Higit na mapaunlad ng mga estudyante ang kanilang kaalaman partikular lalo sa gramatika ng wika kapag naisulong ng mga ito ang layuning maitaas ang antas ng kahusayan at kagalingan ng mga estudyante sa iba-ibang larangan.

Para sa Commission on Higher Education (CHED), ang pagtuklas sa mga kamaliang natamo ng mga estudyante sa gramatika ng wika ay malaking bagay upang ito'y makalikha ng mga programang pangwika na nakatuon sa pagpapabuti at pagpapalakas ng kurikulum. Sa pamamagitan nito, mapahahalagahan ang tamang paggamit ng wika sa iba-ibang larangan ng pag-aaral. Ang mga kawani ng akademiko sa mga paaralan ang siya ring makikinabang sa pagsusuri ng kamalian, sa pamamagitan ng pagkilala sa mga bahagi ng pagtuturo sa wika, sapagkat mahalaga ang papel na ginagampanan nito sa pagtulong sa mga estudyante na maunawaan at mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa gramatika ng wika.

Para sa lokal na kolehiyo ng Munisipalidad ng Kapalong, ang Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology ay maaaring magpatupad ng sumusunod na hakbangin. Una, mahalagang magbigay ng regular na leksiyon na nakatuon sa balarila at tamang paggamit ng pandiwa. Makatutulong din ang pagsusuri ng mga halimbawa ng tamang paggamit nito sa mga sanaysay. Pangalawa, ang pagdaraos ng mga grammar workshop at writing clinics ay makatutulong upang mabigyan ng hands-on na pagsasanay ang mga estudyante. Dito, maaaring magpakonsulta ang mga estudyante at makatanggap ng pedbak galing sa kawani ng institusyon na bihasa at matatas sa larangang ito.

Maaari ding magkaroon ng peer review sessions na kung saan isa ring epektibong paraan upang makilala ang mga karaniwang pagkakamali at matutunan ang tamang pagwawasto. Sa mga grupong talakayan, maaaring pag-usapan ng mga estudyante ang mga isyu sa paggamit ng pandiwa at magtulungan sa pagwawasto ng mga ito. Bukod dito, ang pagbuo at pamamahagi ng mga gabay sa gramatika, pati na ang pagtitipon ng mga reference books, ay makatutulong sa pagpapalalim ng kaalaman ng mga estudyante sa gramatika higit lalo ang wastong paggamit ng pandiwa.

Para naman sa namumuno sa kursong edukasyon medyor sa Filipino, maaaring magpatupad ng mas detalyado at praktikal na pagsasanay upang maresolba ang suliraning ito. Ang regular na pagsasanay sa pagsusulat ng mga sanaysay na may pokus sa gramatika higit lalo sa wastong paggamit ng pandiwa ay isang mahalagang hakbang. Makatutulong din ang mga sentence construction drills na nagpapalakas sa kasanayan sa tamang pagbuo ng mga pangungusap na gumagamit ng pandiwa. Bukod dito, maaaring gumamit ng teknolohiya tulad ng grammar software at e-learning modules na naglalaman ng interaktibong pagsasanay. Ang pagsusuri ng mga modelong sanaysay na may tamang paggamit ng pandiwa ay maaari ding magsilbing gabay sa mga estudyante. Sa mga critique sessions, maaaring bigyan ng kritika ang mga sanaysay upang maituwid ang mga pagkakamali at maipakita ang tamang paggamit ng pandiwa.

Sa mga gurong tagapagdaloy ng pagkatuto, ang pagsusuri ng kamalian sa gramatika, partikular sa angkop na paggamit ng mga salita sa isinulat ng mga mag-aaral, ay maaaring magsilbing diagnostic tools upang mailahad at maibigay ang pagtuturo ayon sa ninanais na pangangailangan ng bawat mag-aaral. Maaaring makabuo ang mga guro ng alternatibong paraan upang matulungan na maituwid ang kamalian ng mga mag-aaral gabay ang mga tuntuning pangwika, tulad ng pagpapaunlad o pagbabago sa estratehiya ng pagtuturo na nakapokus mismo sa pagbabahagi ng kaalaman sa mga tuntuning panggramatika at malikhaing pagsasanay na may kinalaman sa wika upang lubos nitong mapahalagahan at maikintal sa kanilang isipan ang mga gamit at layunin nito. Sa ganitong paraan, ang komprehensibong pagtuturo at pagsusuri sa gramatika ay makatutulong hindi lamang sa pag-unlad ng mga estudyante sa akademikong larangan kundi maging sa kanilang praktikal na paggamit ng wika sa araw-araw na buhay.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Mahalaga rin sa pag-aaral na ito na malaman ang mga kamaliang natamo ng mga estudyante upang magsilbing batayan sa pagtutuwid. Sa pamamagitan ng pagtama sa mga kamalian ng mga estudyante ay malaking tulong para mapabuti ang kanilang kahusayan sa gramatika ng wika at mapabuti pa lalo ang kanilang kagalingan sa pagpapahayag sa pamamagitan ng pagsusulat at pati na sa kasanayang pangkomunikasyon. Bukod pa rito, mas magkaroon ng pagkakataong palakasin ang kanilang kumpyansa sa kanilang mga kakayahan sa pagsusulat sapagkat natutuhan na nito kung paano maging angkop sa paggamit ng mga salita, higit lalo sa gramatika ng wika. Ang proseso ng pagtutuwid sa mga kamaliang natamo ng mga mag-aaral ay maaaring maging oportunidad sa kanila upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa tamang paggamit ng wika at pagbuo ng mga ideya. Ito ay magsisilbing pagkakataon para sa kanila na magkaroon ng mas malawak na kaalaman sa kanilang paksa at magpamalas ng mas mataas na antas ng kritisismo sa kanilang gawa.

Para sa mga mambabasa, ang pagsusuri sa mga kamalian na nakasulat sa isang teksto ay isang mahalagang bahagi ng pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa at pagsusulat ng isang mambabasa. Sa pagtukoy at pagsusuri sa mga kamalian, binibigyan nito ng pagkakataon ang mambabasa na maging mas mapanuri at kritikal sa kanilang pag-unawa sa teksto. Ito ay nagpapakita sa kanila ng kahalagahan ng tamang paggamit ng wika at gramatika na nagbibigay-diin sa kanila na ang wastong pagsulat ay mahalaga sa komunikasyon at pagpapahayag ng mga ideya. Sa pamamagitan ng prosesong ito, madadagdagan ang kaalaman ng mga mambabasa sa mga teknikalidad ng pagsusulat, tulad ng estilo, tono, at estruktura ng teksto.

Bukod dito, ito rin ay nagpapalakas ng kanilang kritikal na pag-iisip dahil nahihikayat silang magtanong, magpasya, at magbigay ng opinyon batay sa kanilang sariling pagsusuri. Samakatuwid, ang pagsusuri sa mga kamalian ay hindi lamang nagbibigay ng oportunidad para sa pagpapabuti ng teksto, kundi nagdudulot din ng positibong epekto sa mga mambabasa sa pamamagitan ng pagsasanay sa kanilang pagiging mapanuri, pagpapahalaga sa wastong paggamit ng wika, pagpapalakas ng kaalaman, at pagpapalakas ng kanilang kritikal na pag-iisip. Sa pangkalahatan, ipinapakita nito ang kahalagahan ng pagsusuri sa mga kamalian sa pagtuturo ng wika sa mga estudyante, gayundin ang positibong epekto nito sa pagpapalalim ng kaalaman sa wika, pagpapalakas ng kanilang pagpapahalaga sa pag-aaral, at pagpapalakas ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo.

**Rekomendasyon para sa Pananaliksik sa Hinaharap**

Magiging kapaki-pakinabang ang pag-aaral na ito sa mga susunod na mananaliksik sa pagtukoy ng mga pagkakamaling natatamo ng mga mag-aaral higit lalo sa mga ginamit na salita sa pangungusap partikular ang pinakapokus ng pananaliksik na ito ay ang kamalian sa paggamit ng pandiwa sa isinulat na tekstong deskriptibo ng mga mag-aaral sa unang antas ng kolehiyo na kumuha ng medyor sa Filipino na may limampu't isang (51) korpora ang isinuri. Upang matukoy kung aling pagkakamali ito nabibilang at nang makuha ang wastong datos sa pag-aaral ay ginamit ng mananaliksik na ito ang teoryang Error Analysis Framework ni Stephen Pit Corder (1974) at inirekomenda nito ang apat na kategorya sa kamalian: pagkakaltas (omission), pagdadagdag (addition), kamalian sa anyo (misformation), at kamalian sa pagsasaayos ng morpema sa isang salita (misordering) upang matukoy at masiyasat nito ang mga natamong kamalian ng mga estudyante. Kaya naman, iminumungkahi rin ng mananaliksik sa mga susunod na mananaliksik na magkaroon pa ng pag-aaral na nakapokus sa mga bahagi ng pananalita na napapangkat sa dalawa: salitang pangnilalaman (bukod sa pandiwa, mayroong pang-uri, pangngalan, at pang-abay at panghalip); salitang pangkayarian (pangatnig, pang-angkop, pang-ukol, pantukoy, at pangawing o pangawil) upang lubusan na malaman ng mga estudyante ang mga angkop at ayos nito sa pangungusap at higit sa lahat ang pagsasaalang-alang sa tuntunin ng paggamit ng mga bantas. Magiging gabay ang pag-aaral na ito upang mas lalong mahasa ng mag-aaral ang kasanayan sa gramatikang Filipino.

Gayunpaman, napag-alaman sa pag-aaral na ito na ang kamalian sa paggamit ng pandiwa sa isinulat na tekstong deskriptibo ng mga estudyante ay nakaiimpluwensya sa kanilang maayos at wastong pagpapahayag. Ang ganitong mga pagkakamali ay nagdudulot ng pagkaantala sa layunin ng manunulat na maiparating nang tumpak ang kanyang mensahe. Kung kaya ay inirerekomenda ko sa mga estudyante higit na sa mga kumukuha ng medyor sa Filipino na magkaroon ng pokus sa pag-aaral sa estruktura ng wika partikular sa gramatika upang mapabuti ng mga ito ang kasanayan at pang-unawa sa mga tuntunin at gamit nito nang sa gayon ay maisaalang-alang din ang angkop at makabuluhang pagpapahayag sa larangan ng pagsulat at maging sa pakikipagtalastasan.

**Pangwakas na Pahayag**

Bilang panapos na pagpapahayag, ang pananaliksik na ito na nakapokus sa pagsusuri ng kamalian sa paggamit ng pandiwa sa isinulat na sanaysay ng mga estudyante ng medyor sa Filipino ay isang mahalagang pagkakataon upang pag-aralan ang lawak ng kanilang kaalaman kaugnay sa gramatikang Filipino partikular lalo sa isa sa mga bahagi ng pananalita na nakasentro sa paggamit ng pandiwa. Ang ganitong pagsusuri ay lubos na kapaki-pakinabang nang malaman ang mga kahinaan at kahingian na dapat malaman at mahasa ng mga estudyante. Isang bagay na dapat bigyan ng pansin lalo pa at ang pagsasaalang-alang sa angkop at wastong balarila ay nakapagbibigay ng maayos at malinaw na pagpapahayag. Kung kaya sa pag-aaral na ito, layon na maiwasto ang kamalian na natamo ng estudyante upang magsilbing gabay sa kanilang susunod na ililikhang komposisyon.

Sa tulong din mismo ng pag-unawa sa mga karaniwang kamalian na natatamo ng mga estudyante, ang mga guro, mga kawani ng tapagsulong sa kalidad na edukasyon at patakaran at sa mga namumuno sa pagpapalakas ng kurikulum ay maaaring lumikha ng mga disenyo sa pagpapabuti sa kakayahan sa wika at maging sa kasanayan sa pagsusulat at pakikipipagtalastasan kaugnay sa target na wika. Maliban pa, ang pagsasakatuparan ng mga guro sa pagbibigay ng mga estratehiya sa pagtuturo na nakapokus mismo sa pagpapalawig ng karunungan sa balarilang Filipino at maging sa paraan kung paano ito ituturo para lalong maikintal sa isipan ng mga estudyante ang mga makabuluhang

kasanayan at tuntunin na dapat isaalang-alang sa pagbuo ng sari-saring katha.

Bilang karagdagan, makatutulong din ang pag-aaral na ito upang malaman at masuri ang mga nakikitang rason sa pagkakaroon ng kamalian. Ito ang magiging susi upang paglaanan ng sapat na oras ang mga kakailanganin ng mga estudyante lalong-lalo na sa pagkatututo sa target na wika partikular sa gramatika. Magiging daloy sa kaalaman ang mga guro, layong palakasin ang kasanayan na dapat makuha ng mga mag-aaral nang sa gayon ay maituwid at maiwasan na ang mga pagkakamali sa pagsulat at maging sa pakikipagkomunikasyon.

Sa kabuoan, bagaman hindi naging madali ang proseso ng pag-aaral, matagumpay naman itong naisakatuparan dahil sa sipag at tiyaga ng mananaliksik. Sa simula ay may pangamba na walang makikitang pagkakamali sa mga komposisyon, ngunit sa pag-usad ng pangangalap ng datos, unti-unting natamo ang layunin ng pag-aaral. Sa kabila ng mga hamon, natapos parin ng matagumpay, at nagkaroon ng pagkakataong matuto ang mananaliksik sa buong proseso. Malaking tulong din ang gabay ng tagapayo, pati na ang oras, panahon, at pinansyal na suporta na nagbigay-daan upang maging makabuluhan ang pag-aaral.

## TALASANGGUNIAN

1. *Adams, T. E. (2008). Autoethnography: An Overview. Sage Publication.*
2. *AlTameemy & Daradkeh, (2019). Analysis of Language Errors in Expository Essays of Pre-Service Teachers. https://www.jetir.org/papers/JETIR2304273*
3. *Alghazo et al. (2020). An Analysis of Grammatical Errors in Students' Writing Descriptive Text. https://www.researchgate.net/publication/337249580_pdf*
4. *Al-kresheh, M. H. (2016). A Review Study of Error Analysis Theory. https://www.researchgate.net/publication/299456806*
5. *Bautista, M. L. S. (2020). Error Analysis in Filipino Writing: A Review of Literature. Philippine Journal of Linguistics, 49(2), 1-15.*
6. *Belmont (1979). The Belmont Report: Ethical Principles and Guidelines for the Protection of Human Subjects of Research. https://videocast.nih.gov/pdf/ohrp_appendix_belmont_report_vol_2.pdf*
7. *Benarita & Sipayong, R. W. An Analysis of Grammatical Errors in Writing Descriptive Text. https://www.researchgate.net/publication/372945530_pdf*
8. *Bendalan, N. B. (2006). Panlinggwistikang Pagsusuri sa mga Talaarawan ng mga Kadete ng Philippine Military Academy. https://www.academia.edu/23017962/mga_karaniwang_kamalian_sa_morpolohiya*
9. *Bernales, et al. (2001). Mga Kaalaman at Batayan sa Pagsulat. https://www.studocu.com/ph/document/davao-doctors-college/bachelor-of-science-in-psychology/mga-kaalaman-at-batayan-sa-pagsulat-notes/35194666*
10. *Bonoan, C. (2016). Aspekto ng Pandiwa. https://www.slideshare.net/ChristianBonoan1/aspekto-ng-pandiwa-69816930*
11. *Bhandari, P. (2020). What Is Qualitative Research Methods & Examples. https://www.scirp.org/(S(lz5mqp453edsnp55rrgjct55)*
12. *Cabigao, J. R. (2020). Tackling The Fear of Writing – ResearchGate https://www.researchgate.net/publication/341679036*
13. *Corder, S. (1974). Significance of Learners' Errors and the Role of Feedback to improve the Writing Skill of Elementary Level Students. https://core.ac.uk/download/pdf/61802180.pdf*
14. *Cherifi, H. (2019). The Essential Contributions of Corpora in Languange Research.*
15. *Clarke, V. and Braun V. (2013). Successful Qualitative Research A Practical Guide for Beginners. https://www.researchgate.net/publication/256089360*
16. *Creswell, J.W. and Poth, C.N. (2018) Qualitative Inquiry and Research Design Choosing among Five Approaches. 4th Edition, SAGE Publications, Inc., Thousand Oaks.*
17. *Creswell, J.W. (2013). Qualitative Inquiry and Research Design Choosing Among for Approaches (3rd ed). SAGE Publications.*
18. *Cruz (2001). Pagsulat - Error Analysis. https://www.coursehero.com/file/87575919/Error-Analysisdocx/*
19. *Data Privacy Act of 2012. Republic Act 10173 – Data Privacy Act of 2012. National Privacy Commission. https://www.privacy.gov.ph/data-privacyact/#11*
20. *Dewi et al. (2020). An Analysis of Grammatical Errors in Students' Writing Descriptive Text. https://www.researchgate.net/publication/337249580_pdf*
21. *Doe, J. (2021). The Role of Cognitive Factors in Error Analysis in Writing.*
22. *Dulay, et al. (1982). Language Two. https://www.researchgate.net/publication/270237469*
23. *Ellis, R. (1994). The Study of Second Language Acquisition. Oxford University Press.*
24. *Erlangga, I., Suarnajaya, I., & Juniarta, P. (2019). An Analysis of Grammatical Errors Made by the Seventh Grade Students of SMP Negeri 2 Sukawati in Writing Descriptive Texts in the Academic Year 2018/2019. Language and Education Journal Undiksha, 2(1). https://doi.org/10.23887/leju.v2i1.20276*
25. *Esmalde, V.S. (2020). Surface Strategy Taxonomy in Error Analysis: basis for Grammatical Competence Enhancement Program (GCEP). International Journal of Science and Research. 2319-7064.*
26. *Fenton, B., & Mazulewicz, J. (2008). Coble Esther M. Underwood, Ed.D. Power to Young Hands: An Exploration Into Student Experiences from Service-Learning Participation. https://libres.uncg.edu/ir/uncg/f/Coble_uncg_0154D_11416.pdf*
27. *Fernandez, (2015). Kabanata 2 Pagsulat-Kaugnay na Lokal na Literatura. https://www.scribd.com/document/440529056/*
28. *Fernando, J. (2023). Pandiwa. https://prezi.com/p/p9euaf4hpvde/pandiwa-bilang/*
29. *Garganta, A. (2023). Pananaliksik sa Kakayahang Panggramatika sa Filipino. https://www.scribd.com/document/639596679*
30. *Goethem, V. (2020). Effects of Input on L2 writing in English and Dutch. https://lirias.kuleuven.be/retrieve/616626*
31. *Goethem, K.V. (2020). Affixation in Morphology. Oxford Research Encyclopedia of Linguistics. Oxford University Press. Doi.org/10.1093/9780199384655.013.678*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

32. Guetterman, T. (2015). Descriptions of Sampling Practices Within Five Approaches to Qualitative Research in Education and the Health Sciences. https://www.qualitative-research.net/index.php/fqs/article/view/2290
33. Gloria, A. (2021). Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino … https://www.researchgate.net/publication/353443547
34. Hafiz, M. et al. (2018). Analysis of Syntactic Errors in English Writing: A Case Study of Jazan University Preparatory Year Students. Journal of Education and Practice, 9(11), 113-120.
35. Hail, C. et al. (2017). Peer Debriefing: Teachers' Reflective Practices for Professional Growth. Critical Questions in Education, vol 2:2. Missouri State University.
36. Hanafi, N. et al. (2017). The Inflection of Sasak language in Kuripan Village: A Morphological Study. International Journal of Social Sciences and Humanities. 1(3)/155-181
37. Harmer, (2007). Analysis of Senior High School Students' Writing Errors through …https://journal.formosapublisher.org/index.php/fjmr/article/download/8195/8033/29377
38. Hicana, M. (2020). Mga Teorya sa Gramatika at Wika, Salalayan sa Pagtuturo ng Filipino Dalumat E-Journal. https://www.researchgate.net/publication/349044802
39. Hidayati, N. et al (2023). Error_Analysis_on_Students'_Descriptive_Writing. https://www.researchgate.net/publication/378847483
40. Jones, P. (2022). Error Analysis in Writing: A Sociocultural Perspective.
41. Ki (2021). Tekstong Deskriptibo Kahulugan at Halimbawa Nito. https://philnews.ph/2021/04/16/tekstong-deskriptibo-kahulugan-at-halimbawa-nito/
42. Korstjens, I. & Moser, A. (2018). Series: Practical guidance to qualitative research. Part 4: Trustworthiness ang publishing, European Journal of General Practice, 24:1, 120-124, DOI: 10.1080/13814788.2017.1375092.
43. Khansir, A.A. (2012). Error Analysis and Second Language Acquisition. Theory and Practice in Language Studies, 2(5), doi: 10.4304/1027-1032
44. Labicane, G., & Oliva R. (2022). Common Errors in Composition Writing by College Students. Language Literacy: Journal of Linguistics, Literature, and Language Teaching.
45. Larissa (2023). Ano ang Pandiwa? Uri, Pokus at Aspekto ng Pandiwa. https://www.anoang.com/ano-ang-pandiwa/
46. Lestari (2020). Textual Error Analysis on the Use of Simple Present Tense in Writing Descriptive Text. https://jurnal.itscience.org/index.php/ijeal/article/view/1640/1207
47. Lincoln at Guba (1985). Understanding and Using Trustworthiness in Qualitative Research. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1320570.pdf
48. Lliga, N. J. (2024). Ang Pagsulat. https://www.collegesidekick.com/study-docs/865642
49. Manalus, M. (2021). Kahalagahan ng Apat na Makrong Kasanayan sa Pagkatuto ng Wika. https://www.researchgate.net/publication/356962587
50. Moon, K. et al. (2016). A Guideline to Improve Qualitative Social Science Publishing in Ecology and Conservative Journals. Ecology and Society 21 (3): 17.
51. Mufida, A. (2018). An Error Analysis on Simple Past Tense in Writing Recount Text Used by The Second Grade Students of SMA Panjura Malang. University of Muhammadiyah Malang.
52. Oñate, G. P. (2023). Kabanata 2 Pagsulat-Kaugnay na Lokal na Literatura. https://www.scribd.com/document/440529056/
53. Park, H. & Nam, D. (2017). Corpus Linguistics Research Trends from 1997 to 2016: A Co-citation Analysis. Linguistic Research 34(3), 427-457. Doi: 10.17250/khisli.34.3.2017.12.008
54. Pasaribu, A. N. et al. (2021). A Common Error Analysis in Students' English Narrative Writing. https://www.researchgate.net/publication/356509007
55. Puspitasari, R. (2016). Comprehending Agent and Agentless Types of English Active and Passive Voice by Indonesian Learners of English.
56. Ramsey (2010). Trustworthiness, Credibility Data. https://www.scribd.com/document/394382270/
57. Resnik, D. B. (2011). Reflections on the Article "What is Ethics in Research… https://www.researchgate.net/publication/328611693
58. Resuello at Funclara (2021). Gramatikal na Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat sa Filipino https://www.psurj.org/online/index.php/deap/article/download/172/129/
59. Reynancia, M. (2023). Pagsusuri sa Ortograpiya ng mga Salita sa mga Likhang Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Mayoryang Filipino: Isang Error Analysis na Pag-aaral.
60. Richards J. at Schmidt R. (2016). Dictionary of Language Teaching and Applied Linguistics. Routledge Publishing. New York. U.S.A
61. Ridha, N. (2021). The Effect of EFL Learners' Mother Tongue on their Writings in English an Error Analysis Study. https://www.researchgate.net/publication/311854673
62. Rivas, D. C. (2010). Politics, Governance and The Philippine Constitution. Manila, Philippines: Rex Book Store.
63. Rizqullah, M., & Abdul, S. (2022). A Closer Look at the EFL Students Grammatical Errors in Writing Descriptive Text, 33–43. https://doi.org/10.30605/25409190.559 51
64. Rodriguez, G. (2015). Mga Karaniwang Kamalian sa Gawaing Pasulat sa Gamit ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Grade X ng Roxas National High School Bantug, Roxas, Isabela. https://www.academia.edu/23017963/
65. Shenton, A. K. (2004). Strategies for Ensuring Trustworthiness in Qualitative Research Projects. https://www.researchgate.net/publication/228708239
66. Smith, J. (2020). Error Analysis in Writing: A New Perspective.
67. The Belmont Report (1979). Ethical Principles and
68. Guidelines for the Protection of human subjects of research. HHS.gov. Office for Human Research Protections. https://www.hhs.gov.ohrp/regulations-and-policy/belmont-report/read-the-belmont-report/index.html/
69. Yanfi, Y., Setiawan, R., Soeparno, H., Budiharto, W. (2023). SPECIL: Spell Error Corpus for the Indonesian Language. https://www.researchgate.net/publication/373343192